



Unang Pagbasa: Amos 5:14-15, 21-24

Hanapin ang mabuti at di ang masama upang mabuhay kayo. At sasainyo si Yaweng Diyos ng mga Hukbo, gaya ng sabi ninyo.

Kamuhian ang kasamaan at mahalin ang kabutihan, at pairalin sa hukuman ang kata-rungan; at kahahabagan marahil ni Yawe ang nalabi ni Jose.

Kinamumuhian ko, ayaw ko ng inyong mga piyesta; hindi ko kinalulugdan ang inyong mga pagtitipon. Mag-alay man kayo sa akin ng mga butil at sinunog na handog, hindi ko tatanggapin ang mga ito. Hindi ko papansinin ang mga hain ninyong matatabang baka.

Tama na ang ingay ng inyong mga awit, ayaw kong marinig ang tugtog ng inyong mga alpa. Ngunit padaluyong parang tubig ang katarungan at parang ilog na walang hanggan ang pagkamuwid.

Ebanghelyo: Mateo 8:28-34

Pagdating ni Jesus sa lupain ng Gadara sa kabilang ibayo, sinalubong siya ng dalawang lalaking inaalihan ng demonyo, na galing sa mga libingan. Napakabangis nila kayat walang makadaan doon. Bigla silang sumigaw: "Ano ang kailangan mo sa amin, ikaw na Anak ng Diyos! Pumarito ka ba para pahirapan kami bago sumapit ang panahon?"

Sa may di-kalayua'y maraming baboy na nanginginain. Kaya hiniling sa kanya ng mga demonyo: "Kung palalayasin mo kami, ipadala mo kami sa mga baboy." Sinabi ni Jesus sa kanila: "Umalis kayo." Kaya pagkalayas ng mga demonyo'y pumasok ang mga ito sa mga baboy – at hayun! nahulog sa bangin ang lahat ng baboy papuntang dagat, at nalunod na lahat.

Tumakas naman ang mga nagbabantay sa mga baboy. Pagdating nila sa bayan, ipinamalita nila ang lahat at kung ano ang nangyari sa mga inaalihan ng mga demonyo. Kaya lumabas ang buong bayan para salubungin si Jesus; at pagkakita nila sa kanya, hiniling nilang umalis siya sa kanilang lugar.

BIRTHDAY: Rev. Fr. Simone Piccolo, SX

Pagmamasiid

Mas mahalaga ba sa iyo ang iyong negosyo kaysa sa iyong pananampalataya?

Paghahawi

Tumakas ang mga nagbabantay sa mga baboy. Pagdating nila sa bayan, ipinamalita nila... kung ano ang nangyari sa mga inaalihan ng mga demonyo. Kaya lumabas ang buong bayan, para salubungin si Jesus. Pagkakita nila sa kanya, hiniling nilang umalis siya sa kanilang lugar.

Pagtatabas

Pinahalagahan ba natin ang kumita kaysa pananampalataya at kalooban ng Diyos?

Pagsasaayos

Muling ayusin natin ang ating pananaw. Kung ang ugnayan sa Diyos ang nagiging hadlang sa ating mga plano, baka kailangang baguhin ang ating puso. Hindi dapat ituring na abala, ang pagdalo sa Misa, pagtulong sa kapwa, at pagtalikod sa kasamaan kundi biyaya. Galing sa Diyos ang lahat ng tunay na kabutihan. Nawa mamulat tayo sa kung ano ang tunay na mahalaga, ang Diyos na nagbibigay ng buhay, pag-ibig, at kaligayahang hindi matutumbasan ng anumang kita.

Pagdiriwang

Ama, patawarin Niyo kami sa aming pagpapahalaga sa negosyo at ibang materyal na bagay, higit sa Inyo. Imulat Niyo ang aming puso at diwa, at palakas in ang aming pananampalatayang Kristiyano.

**IKA-13 LINGGO
SA KARANIWANG PANAHOON**
Salteryo: Linggo 1 / (Luntian)

Salmo 19:8, 9, 10, 11
*Matuwid ang kahatulan
ng Panginoon ng tanan.*



Huwebes
02 HULYO

Unang Pagbasa: Amos 7:10-17

Ebanghelyo: Mateo 9:1-8

Muling sumakay sa bangka si Jesus, tumawid sa lawa at bumalik sa sariling bayan. Dinala sa kanya roon ang isang paralitikong nakahiga sa papag. Nang makita ni Jesus ang kanilang pananalig, sinabi niya sa paralitiko: "Lakasan mo ang iyong loob, anak! Pinatawad na ang iyong mga kasalanan."

Noo'y inisip ng ilang guro ng Batas: "Ini-insulto ng taong ito ang Diyos." Alam ni Jesus ang kanilang mga niloloob, at sinabi niya:

"Bakit kayo nag-iisip ng masama? Ano ba ang mas madaling sabihin: 'Pinatawad na ang iyong mga kasalanan' o 'Tumayo ka at lumakad'? Dapat n'yong malaman na may kapangyarihan sa lupa ang Anak ng Tao na magpatawad ng kasalanan." At sinabi niya sa paralitiko: "Bumangon ka, dalhin mo ang iyong higaan at umuwi." At bumangon ang tao at umuwi. Nang makita naman ito ng mga tao, napuno sila ng pagkamangha at nagpuri sa Diyos sa pagbibigay ng gayong kapangyarihan sa mga tao.

Pagmamaisid

Panghihinaan ka ba ng loob, kapag may kapansanan ka na mahirap pagalingin?

Paghahawi

Dinala kay Jesus ang isang paralitikong nakahiga sa papag. Nang makita ni Jesus ang kanilang pananalig, sinabi Niya sa paralitiko: "Lakasan mo ang iyong loob, anak! Pinatawad na ang iyong mga kasalanan...Bumangon ka, dalhin mo ang iyong higaan at umuwi." Bumangon ang tao, at umuwi.

Pagtatabas

Anong mararamdaman at gagawin mo, kung ikaw yung paralitikong napatawad ang mga kasalanan at napalakad ni Jesus?

Pagsasaayos

Noong panahon ni Jesus, maraming naniniwala na bunga ng kasalanan ang sakit. Kaya't tuwing may lumalapit sa Kanya, tulad ng paralitikong pinagaling Niya, pinapatawad Niya ang kanilang mga kasalanan at pinapagaling ang kanilang karamdaman. Lubos silang nagagalak at nagpapasalamat sa Kanya.

Ipinapakita ni Jesus ang Kanyang kapangyarihan, pagmamahal, at awa sa bawat taong Kanyang tinutulungan. Nagbibigay Siya ng pag-asa, nagpapagaling ng sakit, at nagpapatawad ng kasalanan. Sa Kanya, nararanasan ng tao ang ganap na kagalingan ng katawan at kaluluwa.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, papuri at salamat sa tulong Niyo sa pagpagaling sa mga may kapansanan, at sa pagligtas Niyo sa aming lahat.



KAPISTAHAN NI APOSTOL SANTO TOMAS

Salteryo: Hanay ng mga Banal / (Pula)

Salmo 117:1bk, 2

*Humayo't dalhin sa tanan
Mabuting Balitang aral.*

Unang Pagbasa: Efeso 2:19-22

Ngayon nga ay hindi na kayo mga dayuhan at panauhin, kundi mga kababayan ng mga banal at kasambahay ng Diyos. Sa pundasyon na mga apostol at mga propeta kayo naitayo at si Kristo Jesus mismo ang batong panulok. Sa kanya lumalawak at nabubuo ang buong gusali at nagiging banal na templo sa Panginoon. Sa kanya rin kayo sama-samang ginagawang tahanan ng Diyos sa Espiritu.

Ebanghelyo: Juan 20:24-29

Hindi nila kasama si Tomas na tinaguriang Kambal, na isa sa Labindalawa, nang dumating si Jesus. Kaya sinabi sa kanya ng iba pang mga alagad: "Nakita namin ang Panginoon!" Sinabi naman niya: "Maliban lamang na makita sa kanyang mga kamay ang tatak ng mga pako at maipasok ang aking daliri sa pinaglagusan ng mga pako at maipasok ang aking kamay sa tagiliran niya, hindang-hindi ako maniniwala!"

Makaraan ang walong araw, muling nasa loob ang kanyang mga alagad at kasama nila si Tomas. Dumating si Jesus habang nakasara ang mga pinto at pumagitna.

At sinabi niya: "Kapayapaan sa inyo!" At sinabi niya kay Tomas: "Ilapit mo rito ang daliri mo at tingnan ang aking mga kamay. At ilapit ang kamay mo at ipasok sa aking tagiliran at huwag tumangging maniwala kundi maniwala!"

Sumagot si Tomas sa kanya: "Panginoon ko at Diyos ko – ikaw!" Sinabi sa kanya ni Jesus: "Dahil ba sa nakita mo ako kaya ka naniniwala? Mapapalad ang mga hindi nakakita at naniniwala."

Pagmamaisid

Naniniwala ka ba kahit hindi mo nakikita?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus kay Tomas: "Ilapit mo rito ang daliri mo at tingnan ang aking mga kamay. Ilapit ang kamay mo, at ipasok sa aking tagiliran, at...maniwala!" Sumagot si Tomas: "Panginoon ko at Diyos ko!" Sabi ni Jesus: "Dahil ba sa nakita mo ako, kaya ka naniniwala? Mapapalad ang mga hindi nakakita at naniniwala."

Pagtatabas

Kasama ba tayo sa mapapalad na hindi nakakita at naniniwala?

Pagsasaayos

May nag-aalinlangan kung dinidinig ng Diyos ang kanilang panalangin. Kapag hindi nakikita ang katuparan ng kahilingan, nahihirapang maniwalang may magagawa ang Diyos. Mapapalad nga ang naniniwala kahit hindi nakikita.

Makikita at mararamdaman ang bunga ng ating pananampalataya, ang malalim na pag-unawa sa buhay, sapagkat si Jesus ang Daan, Katotohanan at ang Buhay. May katuparan ang ating kahilingan, ayon sa Kanyang kalooban at panahon, na pinakamabuti sa ating espirituwal na buhay.

Pagdiriwang

Jesus, aming Panginoon at Diyos, pawiin Niyo ang lahat ng pag-aalinlangan sa aming pananampalataya sa Inyo, Ama, at Banal na Espiritu.

**IKA-13 LINGGO
SA KARANIWANG PANAHO**
Salteryo: Linggo 1 / (Luntian/Puti)
*Mahal na Birheng Maria /
Santa Isabel ng Portugal*

Salmo 85:9ab at 10, 11-12, 13-14
*Ang Poo'y nagsasalita
na bayan n'ya'y papayapa.*



Sabado

04 HULYO

Unang Pagbasa: Amos 9:11-15

Itatayo ko uli sa araw na iyon ang bumagsak na tolda ni David at kukumpunihin ang mga sira at ibabangon ang mga guho, itatayo kong gaya ng dati.

Sasakupin nila ang nalabi sa Edom at ang mga kalapit-bansang nakalaan sa pangalan ko. Ito ang sabi ni Yawe na gagawa ng lahat ng ito.

Sabi pa ni Yawe: "Dumarating ang mga araw na lalampasan ng nag-aararo ang nag-aani, ng pumipisa ng ubas ang nagtatanim. Tutulo ang bagong alak sa mga bundok at matutunaw ang lahat ng burol.

Ibabalik ko mula sa pagkatapon ang bayan kong Israel; itatayo nilang muli ang wasak na mga lunsod at maninirahan doon. Magtatanim sila ng mga ubas at iinumang alak nito, magkakaroon sila ng halamanan at kakanin ang bunga ng mga iyon. Papag-uugatin ko sila sa sarili nilang lupain at hindi na sila bubunutin pa mula sa lupaing bigay ko sa kanila," sabi ni Yawe na inyong Diyos.

Ebanghelyo: Mateo 9:14-17

Noo'y lumapit sa kanya ang mga alagad ni Juan at nagtanong: "May araw ng ayuno kami at ang mga Pariseo, at wala bang pag-aayuno ang inyong mga alagad?"

Sinagot sila ni Jesus: "Puwede bang mag-luksa ang mga abay sa kasalan habang kasama pa nila ang nobyo? Darating ang panahon na aagawin sa kanila ang nobyo at sa araw na iyon sila mag-aayuno.

Walang magtatagpi ng bagong pirasong tela sa lumang balabal sapagkat uurong ang tagpi at lalo pang lalaki ang punit. At hindi ka rin naman maglalagay ng bagong alak sa mga lumang sisidlan. Kung gagawin mo ito, puputok ang mga sisidlan at matatapon ang alak at masisira rin ang mga sisidlan. Sa bagong sisidlan dapat ilagay ang bagong alak; sa gayo'y pareho silang tatagal."

Pagmamaisid

May kaugalian ba tayong sagabal sa pag-unlad natin?

Paghahawi

Pangaral ni Jesus: "Walang magtatagpi ng bagong pirasong tela sa lumang balabal, sapagkat uurong ang tagpi, at lalong lalaki ang punit. Hindi ka rin maglalagay ng bagong alak sa lumang sisidlan. Kung gagawin mo ito, puputok ang sisidlan, matatapon ang alak, at masisira ang sisidlan. Sa bagong sisidlan, dapat ilagay ang bagong alak. Pareho silang tatagal."

Pagtatabas

Magagawa ko ba ang pangaral ni Jesus, na kapag may kaunting kailangan baguhin sa akin, maaring kailangan ang malaking pagbabago ko, kaugnay sa maliit na dapat baguhin?

Pagsasaayos

Naiiba ang ilang turo ng mga Pariseo sa mga aral ni Jesus ukol sa paraan ng pamumuhay at pakikipag-ugnayan sa Diyos. Nangangailangan ng bagong pananaw at kahandaang yakapin ang bagong buhay, na taliwas sa maliit na nakasanayang gawa ng mga Pariseo. Sa ating buhay, marami ang naiiba sa turo ni Jesus, tulad ng pamahiin o minanang rituwal. Gabay natin ang Simbahan sa pagbabago ng ating pananaw espirituwal ayon sa pangaral ni Jesus.

Pagdiriwang


Ama, imulat Niyo ang aming puso at isipan, upang tanggapin at baguhin ang aming pananaw at buhay na kalugod-kalugod sa Inyo.

Ebanghelyo: Mateo 11:25-30

Nagsalita si Jesus sa pagkakataong iyon: “Pinupuri kita Amang Panginoon ng Langit at lupa, sapagkat itinago mo ang mga bagay na ito sa matatalino at marurunong, at ipinamulat mo naman sa mga karaniwang tao. Oo, Ama, ito ang ikinasiya mo.

Ipinagkatiwala sa akin ng aking Ama ang lahat. Walang nakakakilala sa Anak kundi ang Ama, at walang nakakakilala sa Ama kundi ang Anak at ang sinumang gustuhing pagbunyagan ng Anak.

Lumapit sa akin, lahat kayong nahihirapan at may pinapasan, at pagiginhawahin ko kayo. Kunin ninyo ang aking pamatok at matuto sa akin, akong mahinahon at mababang-loob, at makakatagpo kayo ng ginhawa para sa inyong kaluluwa. Sapagkat mahusay ang aking pamatok at magaan ang aking pasanin.”



“Lumapit sa akin, lahat kayong nahihirapan at may pinapasan, at pagiginhawahin ko kayo.”

BIRTHDAY: Rev. Fr. Antonio G. Renoblas, CFIC

Pagmamasiid

Anong ginagawa mo sa harap ng mabigat na pagsubok o suliranin?

Paghahawi

Payo ni Jesus: “Lumapit sa akin, lahat kayong nahihirapan at may pinapasan, at pagiginhawahin ko kayo. Kunin ninyo ang aking pamatok, at matuto sa akin, akong mahinahon at mababang-loob, at makakatagpo kayo ng ginhawa para sa inyong kaluluwa. Sapagkat mahusay ang aking pamatok, at magaan ang aking pasanin.”

Pagtatabas

Lumalapit ba ako kay Jesus, kapag nahihirapan, at may pinapasang mabigat?

Pagsasaayos

May Diyos na maaari nating tawagan, anumang oras at walang bayad, upang gumaan at makayanan ang ating problema. Nababatid Niya anumang dinadala natin, at alam Niya ang solusyon. Dinidinig Niya ang ating panalangin, kung nagtitiwala at naniniwala tayo sa Kanyang kapangyarihan, pagmamahal, at awa.

Tularan natin ang Kanyang pagkamahinahon at kababaang-loob na humingi ng tulong sa Kanya at ating kapwa. Tinutugunan Niya ang ating dasal ayon sa Kanyang kalooban at plano para sa atin. Batid Niya at ipagkakaloob ang makabubuti sa atin.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, salamat sa alok Mong lapitan Kayo sa gitna ng aming paghihirap. Nananalig kaming sa bawat krus na aming pinapasan, nagiging magaan ito, dahil kasama naming Kayong pumapasan nito.

Lunes
HULYO

06



**IKA-14 NA LINGGO
SA KARANIWANG PANAHO**
Salteryo: Linggo 2 / (Luntian/Pula)
Santa Maria Goretti

Salmo 145:2-3, 4-5, 6-7, 8-9
*Pag-ibig ng D'yos ay ganap,
sa tanan s'ya'y nahahabag.*

Unang Pagbasa:
Oseas 2:16, 17k-18, 21-22

Kaya aakitin ko siya, aakayin uli tungo sa disyerto at doon ko masuyong kakausapin.

At ibabalik ko ang kanyang mga ubasan, gagawing pinto ng pag-asa ang Lambak ng Kamalasan.

Doo'y sasagutin niya ako gaya noong kanyang kabataan, noong siya'y lumabas mula sa lupain ng Ehipto.

Sabi ni Yawe: Sa araw na iyon tatawagin niya akong asawa ko at hindi na kailanman aking Baal.

Magiging kabiyaq kita magpakailanman; pakakasalan sa katarungan at katatagan, magkakabuklod sa pag-ibig at pagsuyo.

Magiging asawa kita sa katapatan, at kililalanin mo si Yawe.

Ebanghelyo: Mateo 9:18-26

Habang nagsasalita si Jesus sa kanila, lumapit sa kanya ang isang pangulo ng sinagoga at paluhod na sinabi: "Kamamatay nga lamang ng aking anak na babae, pero halika at ipatong ang iyong mga kamay at siya'y mabubuhay." Kaya tumayo si Jesus at sumama sa kanya, pati na ang kanyang mga alagad.

Nilapitan naman siya mula sa likuran ng isang babaeng labindalawang taon nang dinudugo, at hinipo nito ang laylayan ng damit ni Jesus. Sapagkat naisip niya: "Kung mahihipo ko lamang ang laylayan ng kanyang damit, gagaling na ako." Lumingon naman si Jesus, nakita niya siya at sinabi: "Lakasan mo ang iyong loob, anak ko, pinagaling ka ng iyong pananalig." At gumaling ang babae sa sandaling iyon.

Pagdating ni Jesus sa bahay ng pangulo, nakita niya ang mga tumutugtog ng plauta at ang maraming taong nagkakaingay. At sinabi niya: "Umalis kayo! Hindi patay ang dalagita kundi tulog." Pinagtawanan nila siya. Ngunit pagkaalis ng mga tao, pumasok siya, hinawakan ang bata sa kamay at bumangon ito. Lumaganap ang balitang ito sa buong lupaing iyon.

Pagmamaisid

Anong ginagawa ko kapag may sakit ako?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa babaeng ilang taon nang nagdurugo: "Anak, lakasan mo ang iyong loob. Pinagaling ka ng iyong pananampalataya."

Pagtatabas

Tulad ng babae, napagaling din ba ako sa sakit ng aking pananampalataya sa Panginoong Jesus?

Pagsasaayos

Iba't-ibang sakit ang dinaranas natin na nagpapahirap ng ating katawan at damdamin. Kung minsan, mahirap dalhin ang sakit natin. Tandaan natin ang sinabi ni Jesus na lakasan ang ating loob. Panalangin at lakas ng loob ang ating mga sandata laban sa mga sakit.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, salamat at tinatawag Niyo akong anak, kahit hindi ako karapat-dapat. Salamat sa Inyong mabuting payo. Palalimin Niyo ang pananampalataya ko sa Inyo.

IKA-14 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 2 / (Luntian)

Salmo 115:3-4, 5-6, 7ab-8, 9-10

*Israel na bayan ng D'yos,
papurihan mo s'yang lubos.*



Martes

07 HULYO

Unang Pagbasa: Oseas 8:4-7, 11-13

Nagtalaga sila ng mga hari nang wala akong pagsang-ayon at di ko kilala ang hinirang na mga pinuno. Ginawa nilang mga diyus-diyusan ang kanilang pilak at ginto sa sarili nilang kapahamakan.

Para sa akin, Samaria, kasuklam-suklam ang iyong baka at naglalagablab ang galit ko laban dito. Hanggang kailan ka mananatiling marumi?

Baka lamang ang sa iyo, Israel, na gawa ng isang eskultor. Hindi ito Diyos kaya dudurugin ang baka ng Samaria. Naghasik sila ng hangin, at mag-aani sila ng ipuipo. Walang butil ang mga tangkay, at walang pagkaing ibibigay. Magkabutil man ito'y lalamunin lamang ng mga dayuhan.

Nagpatayo ng maraming altar ang Efraim ngunit pinagkasala lamang siya ng mga ito. Sinulat ko para sa kanya ang maraming tuntunin ng aking Batas, ngunit itinuring nila itong kakatwa.

Gusto nilang maghain ng mga alay pagkat sila ang nagsisikain ng karne. Ngunit hindi tinatanggap ni Yawe ang mga ito pagkat tinatandaan niya ang kanilang kasamaan at pinarurusahan ang kanilang kasalanan. Kaya magbabalik sila sa Ehipto.

Ebanghelyo: Mateo 9:32-38

Nang makaalis na ang mga ito, may nagdala naman kay Jesus ng isang lalaking pipi na inaalihan ng demonyo. Nang mapalayas niya ang demonyo, nakapagsalita ang pipi kaya namangha ang mga tao at kanilang sinabi: "Wala pang nangyaring ganito sa Israel." Ngunit sinabi naman ng mga Pariseo: "Nagpapalayas siya ng demonyo sa tulong ng pinuno ng mga demonyo."

At nililobot ni Jesus ang mga bayan at mga nayon; nagtuturo siya sa kanilang mga sinagoga, nagpapahayag ng Mabuting Balita ng Kaharian at nagpapagaling ng lahat ng sakit at karamdaman. Nang makita niya ang makapal na tao, naawa siya sa kanila sapagkat hirap sila at lupaypay na parang mga tupang walang pastol. At sinabi niya sa kanyang mga alagad: "Marami nga ang aanihin at kakaunti naman ang mga manggagawa. Idalanganin ninyo sa panginoon ng ani na magpadala siya ng mga manggagawa sa kanyang ani."

Pagmamasiid

Naranasan mo na bang sobrang dami ang dapat gawin, dahil kaunti lang kayong gumagawa?

Paghahawi

Nang makita ni Jesus ang makapal na tao, naawa Siya sa kanila. Sinabi Niya sa mga alagad: "Marami nga aanihin. Kakaunti ang mga manggagawa."

Pagtatabas

Nakikita ko ba ang maraming taong nangangailangan ng gabay espirituwal, ngunit kakaunti ang gumagawa nito? Ano ang maari kong gawin?

Pagsasaayos

Tinatawagan tayo ni Jesus na makibahagi sa Kanyang misyon na pagpapari, pagiging propeta at hari na naglilingkod sa kapwa. Ang pagiging pari naghihikayat sa kapwa na tumanggap ng mga Sakramento tulad ng binyag at kumpil, pagdalo sa Misa, at pagdasal ng nobena. Ang propeta nag-aaral, naghahayag, at nagpapaliwanag ng mga turo at aral ni Jesus sa kapwa. Ang hari tumutulong sa nagugutom, inaapi, may sakit, at walang mabuting hanap-buhay.

Pagmasdan, pag-aralan, gayahin, at pagbutihin pa ang ginagawa ng mga mabuting pari, relihiyoso, at lingkod-Simbahan na layko na nagpapatuloy ng misyon ni Jesus sa kapwa.

Pagdiriwang

Ama, nawa lagi kaming makatulong sa pagpapatuloy ng misyon ni Jesus sa aming kapwa.



Unang Pagbasa: Oseas 10:1-3, 7-8, 12

Ang Israel ay isang lumalagong punong ubas na sagana sa bunga. Habang dumarami ang kanyang bunga, lalo namang dumarami ang kanyang mga altar; habang sumasagana ang kanyang lupain, lalo naman nilang pinalamutian ang mga sagradong bato.

Hati ang kanilang puso! Pagbabayaran nila ito. Wawasakin ang kanilang mga altar at dudurugin ang kanilang mga sagradong bato. Ngayo'y sinasabi nila: "Wala kaming hari (sapagkat wala kaming pitagan sa Diyos) ngunit paano tayo matutulungan ng isang hari?" Tinangay namang parang bula ng tubig ang hari ng Samaria.

Wawasakin ang mga altar sa burol – ang kasalanan ng Israel. Gagapangan ng tinik at dawang ang mga ito. Sasabihin nila sa mga bundok: "Takpan ninyo kami," at sa mga burol: "Daganaan ninyo kami."

Maghasik ng katarungan para sa inyong sarili at mag-ani ng kagandahang-loob. Bungkalin ang lupang di pa naaararo. Ito ang panahon para hanapin si Yawe hanggang sa siya'y dumating at magpaulan sa inyo ng kaligtasan.

Ebanghelyo: Mateo 10:1-7

Tinawag ni Jesus ang labindalawa niyang alagad at binigyan sila ng kapangyarihan sa maruruming espiritu para palayasin ang mga ito at pagalingin ang lahat ng sakit at karamdaman.

Ito ang mga pangalan ng labindalawang apostol: una, si Simong tinatawag na Pedro, at ang kanyang kapatid na si Andres; si Jaime na anak ni Zebedeo, at ang kapatid nitong si Juan; sina Felipe at Bartolome, Tomas at Mateo, na tagasingil ng buwis; si Jaimeng anak ni Alfeo, at si Tadeo; si Simong Kananeo, at si Judas Iskariote na magkakanulo sa kanya.

Sinugo ni Jesus ang labindalawang ito at pinagbilinan: "Huwag kayong lumiko papunta sa mga pagano at huwag pumasok sa bayang Samaritano. Hanapin ninyo ang nawawalang tupa ng sambayanan ng Israel.

Ipahayag ang mensaheng ito sa inyong paglalakbay: 'Palapit na ang kaharian ng Langit.'

BIRTHDAY: Rev. Fr. Ralph V. Mestosamente
DATE OF ESTABLISHMENT: 2012, Corpus Christi Parish

Pagmamasiid

Naranasan mo na ba ang dumalaw sa maysakit o magbigay ng mabuting payo sa kapwa?

Paghahawi

Ibinilin ni Jesus sa labindalawang apostol na ihayag nila habang naglalakbay sila: "Palapit na ang Kaharian ng Langit."

Pagtatabas

Inihayag ko ba sa kapwa ko ang bilin ni Hesus na palapit na ang Kaharian ng Diyos?

Pagsasaayos

Tulad ng labindalawang apostol, tinawag din tayo, upang ipahayag si Jesus, lalo na sa hindi nakakakilala sa Kanya. Dumating ang Kaharian ng Diyos sa tao sa pamamagitan ng pagsilang at pagtuturo ni Jesus.

Pag-aralan natin ang mga turo at aral ni Jesus sa Bagong Tipan ng Bibliya, sa gabay ng ating Inang Simbahan. Misyong ng ating Simbahan ang ipagpatuloy ang misyong ni Jesus na ipakilala ang Ama sa atin sa Kanyang salita at gawa.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, tulungan Ninyo kaming mailapit ang kapwa sa Kaharian ng Ama, upang makapiling nila Kayo sa buhay na walang hanggan.

IKA-14 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 2 / (Luntian/Pula)

San Agustin Zhao Rong at mga Kasama

Salmo 80:2ak at 3b, 15-16

*Poon kami'y 'yong iligtas
at tanglawan ng 'yong sinag.*



Huwebes
09 HULYO

Unang Pagbasa: Oseas 11:1-4, 8k-9

Minahal ko ang Israel sa kanyang pagkabata; tinawag kong palabas sa Ehipto ang aking anak. Ngunit habang tinatawag ko siya, lalo naman siyang lumalayo sa akin – nag-aalay ng mga handog sa mga Baal, nagsusunog ng insenso sa mga diyus-diyusan.

Ngunit ako ang siyang nagturong lumakad sa Efraim; inakay ko sila pero hindi naman nila naunawaang ako ang nag-alaga sa kanila. Inakay ko sila sa lubid ng makataong kagan-dahang-loob, sa mga tali ng pag-ibig. Inangat ko ang kanilang pamatok at yumuko ako para pakainin sila.

Paano kita mapababayaang, Efraim? Maiiwan ba kitang gaya ng Adma? Magagawa ba kitang gaya ng Seboim? Naliligalig ang aking puso at nababagabag ang aking kalooban. Hindi ako magpapadala sa matindi kong galit, hindi ko wawasakin ang Efraim pagkat ako'y Diyos at hindi tao. Ako ang Banal sa inyong piling, at ayaw kong padala sa galit.

Ebanghelyo: Mateo 10:7-15

*P*aghayag ang mensaheng ito sa inyong paglalakbay: 'Palapit na ang kaharian ng Langit.' Pagalingin ang maysakit, buhayin ang patay, linisin ang mga mayketong at palayasin ang mga demonyo. Tinanggap ninyo ito nang walang bayad kaya ibigay rin ninyo nang walang bayad. Huwag magdala ng ginto, pilak o pera sa inyong mga balsa. Huwag magdala ng balutan o sobrang damit o sandalyas o tungkod, sapagkat may karapatan ang mang-gagawa sa kanyang ikabubuhay.

Pagdating ninyo sa isang bayan o baryo, maghanap ng isang taong karapat-dapat at makituloy sa kanya hanggang sa inyong pag-alis. Pagpasok ninyo sa isang tahanan, dasalan ito ng kapayapaan. Kung karapat-dapat ang sambahayang ito, sasakanila ang kapayapaang dinasal ninyo; kung hindi naman karapat-dapat, babalik sa inyo ang inyong dasal.

At kung may bahay o bayang hindi tatanggap sa inyo o makikinig sa inyong mga salita, lumabas sa bahay o bayang iyon at ipagpag ang alikabok sa inyong mga paa. Sinasabi ko sa inyo, mas magiging magaan pa sa araw ng paghuhukom para sa mga taga-Sodom at Gomorra kaysa bayang iyon.

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Hernando B. Batomalaque

Pagmamasid

May kilala ka bang masayang tao na naglilingkod na walang tinatanggap na bayad?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa mga apostol: "Yamang tumatanggap kayo nang walang bayad, magbigay naman kayo nang walang bayad."

Pagtatabas

Sa dami nang tinatanggap ko na biyaya sa Diyos, kusa ba akong nagbibigay sa kapwa para sa Kanya, at hindi humihingi ng kapalit?

Pagsasaayos

Tulad ng mga apostol, marami ang lingkod-Simbahan na walang tinatanggap na kabayaran. Masaya at mapayapa sila sa kanilang paglilingkod sa Diyos. Alam at nararanasan nila na ipinagkakaloob Niya ang sapat na materyal na pangangailangan nila, bukod sa di mabilang na pagpapalang ibinibigay Niya sa lahat ng Kanyang nilikha.

Pagdiriwang

Ama, tulungan Niyo kaming patuloy na naglilingkod sa Inyo at aming kapwa na walang hinihinging kapalit.



Unang Pagbasa: Oseas 14:2-10*

(...) Lulunasan ko ang kanilang pagkaligaw at buong puso silang mamahalin pagkat napawi na ang galit ko sa kanila. Magiging para akong hamog sa Israel; mamumulaklak siyang parang liryo. Parang sedro ng Lebanon, mag-uugat siya nang malalim. Uusbong ang kanyang mga supling. Ang ganda niya'y magiging parang sa punong olibo, ang bango'y parang sa sedro ng Lebanon.

Muling mananahan ang mga tao sa kanyang lilim. Mananagana siyang parang butil ng trigo, mamumulaklak na parang ubas, at matatanyag na parang alak ng Lebanon. Aanhin pa ng Efraim ang mga diyus-diyusan, kung ako ang dumirinig at nangangalaga sa kanya? Para akong sipres na laging luntian, galing sa akin ang pagiging mabunga mo. (...)

Ebanghelyo: Mateo 10:16-23

*G*sinusugo ko kayo ngayon na parang mga tupa sa gitna ng mga asong-gubat. Maging matalino nawa kayo gaya ng mga ahas at walang-malay na parang mga kalapati. Mag-ingat sa mga tao; ibibigay nga nila kayo sa mga sanggunian at hahagupitin kayo sa kanilang mga sinagoga. Dadalhin din nila kayo sa mga pinuno at mga hari dahil sa akin, at dapat kayong magbigay-patotoo sa kanila at sa mga pagano.

Pag nilitis naman kayo, huwag mag-alala sa inyong sasabihin; sa oras na iyo'y ibibigay nga sa inyo ang inyong sasabihin. Sapagkat hindi kayo ang magsasalita kundi ang Espiritu ng inyong Ama ang magsasalita sa pamamagitan ninyo.

Ipapapatay ng kapatid ang sariling kapatid, ng ama ang kanyang anak; at isasakdal ng mga anak ang kanilang mga magulang at ipapapatay sila. Kamumuhian kayo ng lahat dahil sa akin, ngunit ang mananatiling matatag hanggang wakas ang siyang maliligtas.

Pag inusig kayo sa isang bayan, tumakas kayo sa iba. Sinasabi ko sa inyo, bago ninyo matapos daanan ang lahat ng bayan sa Israel, darating na ang Anak ng Tao.

Pagmamasad

Nabahala ka na ba sa sasabihin mo sa isang grupo? Bakit?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa mga apostol sa paghahayo Niya sa kanila: "Huwag kayong mabahala sa inyong sasabihin...ang Espiritu ng Ama ang magsasalita sa pamamagitan niyo."

Pagtatabas

May pangamba ba akong nararamdaman sa pagbahagi, pagturo, o pagtanggol ng salita ng Diyos sa isang grupo, lalo na sa mga pinuno?

Pagsasaayos

Bukod sa paghahanda sa pagbabahagi ng Salita ng Diyos, manalangin sa Banal na Espiritu na samahan tayo bago at habang nagbabahagi, nagtuturo, o nagtatanggol ng salita ng Diyos. lalay sa Kanya ang gawaing ito. Tuwing ginagawa ko ito, nawawala ang aking pangamba, at madalas, mabuti ang pagtanggap ng mga kausap ko.

Pagdiriwang

Banal na Espiritu, salamat sa tuwing sinasamahan Ninyo kami, at nagsasalita Kayo para sa amin sa pagbabahagi namin ng salita ng Diyos sa aming kapwa.

IKA-14 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHOON

Salteryo: Linggo 2 / (Puti)

San Benito

Salmo 93:1ab, 1kd-2, 5

*Pangino'y nahari na!
ang damit n'ya'y maharlika.*



Sabado
11 HULYO

Unang Pagbasa: Isaias 6:1-8

Ebanghelyo: Mateo 10:24-33

Hindi daig ng alagad ang kanyang guro, **H**o ng utusan ang kanyang amo. Sapat nang tularan ng alagad ang kanyang guro, at ng utusan ang kanyang amo. Kung tinawag na Beelzebul ang may-ari ng bahay, ano pa kaya ang kanyang mga kasambahay! Kaya huwag kayong matakot sa kanila.

Walang tinatakpan na di nabubunyag at walang natatago na di nahahayag. Ang sinasabi ko sa inyo sa dilim, ipahayag ninyo sa liwanag. Ang narinig ninyo nang pabulong, ipahayag mula sa bubong.

Huwag matakot sa mga nakapapatay ng katawan ngunit hindi ng kaluluwa. Matakot kayo sa may kapangyarihang sumira ng kaluluwa pati ng katawan sa impiyerno. Nabibili ang maya nang dalawa isang pera, pero wala isa mang bumabagsak sa lupa na hindi nilolob ng Ama. At kayo, bilang na pati buhok sa inyong ulo. Kaya huwag kayong matakot: mas mahalaga kayo kaysa mga maya.

Ang sinumang kumilala sa akin sa harap ng mga tao ay kikilalanin ko sa harap ng aking Ama sa Langit. At ang ayaw kumilala sa akin sa harap ng mga tao ay hindi ko rin kikilalanin sa harap ng aking Ama sa Langit.

BIRTHDAY: Rev. Fr. Jose Peregrino V. Tomas
PARISH FIESTA: St. Benedict Parish

Pagmamasiid

Paano natin tinatanggap ang mga taong nagbabahagi ng mabuting balita?

Paghahawi

Turo ni Jesus: "Walang tinatakpan na di nabubunyag, at walang natatago na di nahahayag. Ang sinasabi ko sa inyo sa dilim, ipahayag ninyo sa liwanag. Ang narinig ninyo nang pabulong, ipahayag mula sa bubong."

Pagtatabas

Sa paanong paraan natin maibabahagi ang mensahe ni Jesus sa iba?

Pagsasaayos

May mga sikretong nabubunyag, kahit na yumao na ang taong nagtatago nito. Masakit sa mahal sa buhay ang hindi mabuting sikreto. Subalit, ang mga aral at turo ni Jesus, pawang mabuti na kailangang maihayag sa maraming tao. Ang ilawan nakalagay sa ibabaw ng mesa, hindi sa ilalim nito, upang mas marami ang maliliwanagan.

Ibahagi natin ang mga sinabi ni Jesus bawat pagkakataon meron tayo, lalo na kung interesado ang mga kapwang nakikinig at may tanong sila tungkol kay Jesus o ating pananampalataya. Iwasan ang tunggali, at hayaan maghari ang paggalang sa ibang pananaw.

Pagdiriwang

Salamat, Panginoong Jesus, sa Inyong mga salita na nagbibigay ng walang-hanggang liwanag. Nawa, maisabuhay namin ito, at maibahagi sa kapwa, upang makamit ang buhay na walang hanggan.



Unang Pagbasa: Isaias 55:10-11

Bumababa buhat sa langit ang ulan at niyebe at di nagbabalik doon hangga't ang lupa'y di nadidilig at pinasisibol ito at pinasusupling hanggang mamunga ito ng mga butong panghasik at tinapay na pagkain, gayundin naman ang aking salita na lumalabas sa aking bibig: hindi iyon babalik sa akin nang walang nagagawa kundi gagawin nito ang aking nais at tutuparin kung bakit ko ito isinugo.

Ikalawang Pagbasa: Roma 8:18-23

Sa palagay ko'y hindi maihahambing ang kasalukuyan nating tinitii sa mahahayag na kaluwalhatianang laan para sa atin. Nananabik nga ang sangkinapal; pinananabikan nito na ipakita nang buong liwanag ang mga anak ng Diyos. Nagpapaalipin ang sangkinapal sa walang saysay, hindi kusang-loob kundi dahil sa lumupig dito. Ngunit may pag-asa ito: pati ang sangkinapal ay ililigtas sa pagkaalipin sa mga puwersa ng kabulukan at makikibahagi sa laya at luwalhati ng mga anak ng Diyos. Alam natin na hanggang ngayoy dumaing ang sangkinapal dahil sa kirot ng panganganak. At tayo mismo'y dumaraing din sa ating kalooban pagkatanggap natin ng unang bahagi ng espiritu; pinananabikan natin ang pagiging mga anak.

Ebanghelyo: Mateo 13:1-23

Nang araw ding iyon, umalis sa bahay si Jesus at naupo sa may dalampasigan. Ngunit maraming tao ang nagtipon sa paligid niya kaya sumakay siya at naupo sa bangka samantalang nakatayo naman sa pampang ang mga tao. At marami siyang ipinahayag sa kanila sa tulong ng mga talinhaga.

At sinabi ni Jesus: "Lumabas na ang magha-
hasik para maghasik.

Sa kanyang paghahasik, may ilang butong nahulog sa tabi ng daan. Dumating ang mga ibon at kinain ang mga iyon. Nahulog naman ang ibang buto sa batuhan at mababaw ang lupa roon. Madaling tumubo ang mga buto dahil hindi malalim ang lupa. Ngunit pagsikat ng araw, nasunog ito sa init at sapagkat walang ugat, natuyo ito. Nahulog ang iba pang buto sa mga tinikan. At nang lumago ang mga tinik, sinikil ng mga ito ang halaman. Nahulog naman ang iba sa matabang lupa at namunga: nagbunga ng sandaan ang iba, animnapu naman ang sa iba, at tatlumpu ang iba pa. Makinig ang may tainga!"

Pagkatapos ay lumapit sa kanya ang mga alagad at nagtanong: "Bakit sa pamamagitan ng mga talinhaga ka nagsasalita sa kanila?" Sumagot si Jesus: "Sa inyo ipinagkaloob na malaman ang mga lihim ng kaharian ng Langit, ngunit hindi sa kanila. Sapagkat ang meron ay bibigyan pa at sasagana pa siya. Ngunit ang wala ay aagawan pa ng nasa kanya na. Kaya nagsasalita ako sa kanila nang patalinhaga sapagkat tumitingin sila pero walang nakikita, nakaririnig sila pero hindi nakikinig o nakakaunawa.

Sa kanila natutupad ang mga salita ni Propeta Isaias: "*Makinig man kayo nang makinig, hindi kayo nakakaunawa; tumingin man kayo nang tumingin, hindi kayo nakakakita. Pinatigas nga ang puso ng mga taong ito. Halos walang naririnig ang kanilang mga tainga at walang nakikita ang kanilang mata. At baka makakita ang kanilang mata at makarinig ang kanilang tainga at makaunawa ang kanilang puso, upang bumalik sila at pagalingin ko sila.*"

Ngunit mapapalad ang inyong mga mata na nakakakita at ang inyong mga tainga na nakakarinig.

Sinasabi ko nga sa inyo na maraming propeta at mabubuting tao ang may gustong makita ang nakikita ninyo ngayon pero hindi nila nakita, at marinig ang inyong naririnig pero hindi nila narinig.

Makinig kayo ngayon sa talinhaga ng maghahasik.

Pag may nakakarinig sa salita ng Kaharian ngunit hindi naman niya inuunawa, dumarating ang Masama at inaagaw ang nahasik sa kanyang puso. Ito ang butong nahulog sa tabi ng daan.

Ang buto namang nahulog sa batuhan ay para sa taong nakarinig sa salita at kaagad itong tinanggap nang buong kasiyahan. Ngunit hindi ito nag-ugat sa kanyang kalooban at panandalian lamang. Kapag nagkaroon ng pagsubok at pag-uusig dahil sa salita, agad-agad siyang natitisod. Ang butong nahulog sa mga tinikan ang nakarinig sa salita ngunit sinikil ito ng mga makamundong kabalisanhan at ng pandaraya ng kayamanan, at hindi nakapagbunga ang salita. Ang buto namang nahasik sa matabang lupa ang nakakarinig sa salita at umuunawa rito; nagbunga siya at nagbibigay ng sandaan, animnapu o tatlumpu.”



“Nahulog naman ang iba sa matabang lupa at namunga: nagbunga ng sandaan ang iba, animnapu naman ang sa iba, at tatlumpu ang iba pa.”

BIRTHDAY:

Rev. Fr. Yohanes Kopong Tuan, MSF | Rev. Fr. Lukas H. Sasmito, SCJ

Pagmamasid

Sinu-sino sa paligid niyo ang nakakaalam ng lihim ng tagumpay sa buhay? Ano ang ginagawa nila?

Paghahawi

Sumagot si Jesus: “Sa inyo ipinagkaloob na malaman ang mga lihim ng kaharian ng Langit, ngunit hindi sa kanila. Sapagkat ang meron ay bibigyan pa at sasagana pa siya. Ngunit ang wala ay aagawan pa ng nasa kanya na.

Pagtatabas

Tinatanggap ko ba nang buo ang Salita ng Diyos, o hinahayaan kong maagaw ito ng ingay ng mundo?

Pagsasaayos

Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa.

Nakakaunawa ang mabuting Katoliko ng lihim ng kaharian ng Langit dahil ginagawa niya ang kalooban ng Diyos. Hindi siya makasarili. Pinagsisikapan niya ang hanapbuhay, tumutulong sa kapwa, bukas-palad sa biyaya, at may pag-asa sa gitna ng hirap.

Nawawalan pa ang hindi gumagawa ng kalooban ng Diyos. Hindi niya napayayaman ang kanyang puso, at hirap siyang bumangon sa buhay.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, panatilihin Niyo kaming sumusunod sa Inyo, para paibayuhin pa namin ang pagsabuhay ng Inyong mga salita.



Unang Pagbasa: Isaías 1:10-17

Ebanghelyo: Mateo 10:34—11:1

Huwag ninyong isipin na dumating ako para magdala ng kapayapaan sa lupa. Hindi kapayapaan ang dala ko kundi tabak. Dumating akong taglay ang paghihiwalay: *ng tao laban sa kanyang ama, ng anak na babae sa kanyang ina, ng manugang sa kanyang biyenan. At magiging kaaway ng bawat isa ang kanyang mga kasambahay.*

Ang mas nagmamahal sa kanyang ama o ina kaysa akin ay hindi karapat-dapat sa akin. Ang mas nagmamahal sa kanyang anak kaysa akin ay hindi karapat-dapat sa akin. At ang hindi nagpapasan ng kanyang krus at sumusunod sa akin ay hindi karapat-dapat sa akin. Ang nagpapahalaga sa kanyang sarili ang siyang mawawalan nito, at ang nawawalan naman ng kanyang sarili ang siyang makakatagpo nito.

Kung may tumatanggap sa inyo, tinatanggap din niya ako; at kung may tumatanggap sa akin, tinatanggap din niya ang nagsugo sa akin. Kung may tumanggap sa isang propeta dahil propeta ito, tatanggapin niya ang gantimpalang bagay sa isang propeta; kung may tumanggap sa isang mabuting tao dahil marangal ito, tatanggapin niya ang gantimpalang bagay sa isang mabuting tao. Kung may magpainom ng malamig na tubig sa isa sa maliliit na ito dahil sa alagad ko ito, sinasabi kong hindi siya mananatiling walang gantimpala."

Nang matapos si Jesus sa pagtuturo sa Labindalawa niyang alagad, umalis siya roon para magturo at mangaral sa mga bayan doon.

Pagmamasisid

Ano ang pinakamatinding pagsubok na naranasan mo sa iyong buhay?

Paghahawi

Pangaral ni Jesus: "Ang hindi nagpapasan ng kanyang krus at sumusunod sa akin, hindi karapat-dapat sa akin. Ang nagpapahalaga sa kanyang sarili, mawawalan nito, at ang nawawalan naman ng kanyang sarili ang siyang makakatagpo."

Pagtatabas

Nagagawa ko ba ang pangaral ni Jesus sa pagsubok at hirap na aking naranasan?

Pagsasaayos

Ipinakita sa atin ni Jesus na ang pagbata at pagharap sa mga pagsubok at paghihirap ng buhay, alang-alang sa iba at sa ating mga minamahal, ang tunay na palatandaan ng pagsunod sa Kanyang mga yapak.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, nanalangin ako na patuloy Niyo akong gabayan sa pagtahak ko sa landas ng krus, patungo sa kabanalan.

**IKA-15 LINGGO
SA KARANIWANG PANAHO**
Salteryo: Linggo 3 / (Luntian/Puti)
Santa Kateri Tekawitha

Salmo 48:2-3a, 3b-4, 5-6, 7-8
*Ang D'yos ang s'yang nagtatanod
sa kanyang banal na lungsod.*



Martes
14 HULYO

Unang Pagbasa: Isaias 7:1-9

Noong si Ahaz na anak ni Yotam na anak ni Ozias ang hari sa Juda, ang Jerusalem ay sinalakay ni Haring Rason ng Aram at ni Pekang anak ni Romelia at hari ng Israel. Ngunit hindi nila iyon nasakop.

Nang dumating sa sambahayan ni David ang balita na nakapasok na sa Efraim ang mga kawal ng Aram, nangatal ang puso ni Ahaz at ang puso ng sambayanan, tulad ng panganginig ng mga puno sa gubat kapag hinahagupit ng hangin.

Sinabi ni Yawe kay Isaias: "Ipagsama mo ang iyong anak na si Magbabalik-ang-Nalabi, at makipagkita ka kay Ahaz sa dulo ng padaluyan ng Itaas na Tangke ng tubig, sa daang patungo sa Lugar ng Tagapaglaba. Sabihin mo sa kanya: Magpakahinahon ka at huwag matakot. Huwag manghina ang loob sa harap ng nag-aapoy na poot ng Arameong si Rason at ng anak ni Romelia: dalawang kahoy na uusuk-usok lamang sila pagkatapos ng siga. Nagsabwatan ang Aram, ang Efraim at ang anak ni Romelia upang ika'y ibagsak, at sinabing: Sakupin natin ang Juda, ating sindakin, angkinin natin at iluklok nating hari doon ang anak ni Tabel. Ngunit ito ang sinasabi ni Yaweng Panginoon: Hindi ito mangyayari, hindi magaganap. Pagkat ang pinuno ng Aram ay ang Damasco, at ano si Rason kundi pinuno lamang ng Damasco?

Ang pinuno ng Efraim ay ang Samaria at ano si Romelia kundi pinuno lamang ng Samaria? Sa loob ng lima o anim na taon pa, dudurugin ang Efraim at mawawala bilang isang bayan. At kung di ka magpapakatatag sa pananam-palataya, mawawala ka rin."

Ebanghelyo: Mateo 11: 20-24

At sinimulang tuligsain ni Jesus ang mga abayang ginawan niya ng karamihan sa kanyang mga himala, sapagkat hindi sila nagpanibagong-buhay: "Sawimpalad kayong mga bayan ng Corozain at Betsaida! Kung sa Tiro at Sidon nangyari ang mga himalang naganap sa piling ninyo, matagal na sana silang nagsisi na may abo at sako. Kaya sinasabi ko sa inyo: Mas magiging magaan pa ang sasapitin ng Tiro at Sidon sa araw ng paghuhukom kaysa inyo. At ikaw naman, Capernaum, *itataas ka ba sa langit? Hindi, itatapon ka sa kaharian ng mga patay!* Sapagkat kung sa Sodom nangyari ang mga himalang naganap sa iyo, nananatili pa sana ngayon ang Sodom. Kaya sinasabi ko sa inyo: mas magiging magaan pa ang sasapitin ng lupain ng Sodom sa araw ng paghuhukom kaysa inyo."

Pagmamasiid

Kaugalian ba nating Pilipino ang magsisi sa di mabuti nating ginawa, at magbago?

Pagbahawi

Tinuligsa ni Jesus ang mga bayang Corozain, Betsaida, at Capernaum, sapagkat hindi sila nagbagong-buhay sa kabila ng maraming himala na ginawa Niya sa bayan nila. Pinili pa nilang hindi magsisi sa kanilang mga kasalanan.

Pagtatabas

Paano ba natin pinagsisihan at iniwasan ang mga nagawang kasalanan?

Pagsasaayos

Kailangan natin sabihin ang mga kasalanan sa pari sa pamamagitan ng kumpisal upang muling mapalapit ang ugnayan natin sa Diyos. Sikaping di ulitin ang nagawang kasalanan sa pamamagitan nang pag-iwas sa situwasyon na naghihiikayat gawin ang kasalanan na ikinumpisal.

Pagdiriwang

Salamat, Ama, sa mga Sakramento ng Kumpisal at Komunyon na nagbibigay sa amin ng lakas, upang patuloy kaming mamuhay patungo sa kabanalan.



**IKA-15 LINGGO
SA KARANIWANG PANAHOON**

Salteryo: Linggo 3 / (Puti)

San Buenaventura

Salmo 94:5-6, 7-8, 9-10, 14-15

*Ang Poo'y di tatalikod
sa kanyang hirang na lingkod.*

Unang Pagbasa: Isaias 10:5-7, 13b-16

Kawawang Asiria, pamalo ng aking galit, panghampas ng aking poot!

Ipinadala ko siya laban sa isang bansang tampalasan, sa isang bayang aking kinapopootan, upang mang-agaw roo't manam-sam, upang tila putik na iyo'y tapakan.

Subalit hindi niya iyon naisip, kundi magwasak ang tanging inisip, at mga bansa ay durugin.

Sapagkat sinasabi nito: "Nagawa ko ito sa sarili kong lakas at sa sarili kong talino pagkat magaling ako. Pinaurong ko ang hangganan ng mga bayan, inangkin ko ang kanilang mga kayamanan, ibinagsak ko ang mga hari mula sa kanilang luklukan.

Gaya ng pag-abot ng kamay sa pugad, gayon ko inabot ang yaman ng mga bayan. Gaya ng pagkuha sa naiwang mga itlog, gayon ko inangkin ang buong lupain. Hindi nila nakuhang pumagaspas, ni magbuka ng tuka at sumiyap."

Higit bang magpapahalaga sa sarili ang palakol kaysa namamalakol? Higit bang magmamapuri ang lagari kaysa naglalagari? Pag nagkagayo'y parang ang baston ang nagpapakilos sa may hawak niyon, at parang ang nagpapatayo ay ang tungkod sa naghahawak na di yari sa kahoy.

Kaya papapayatin ng Panginoong Yawe ng mga Hukbo ang mga matatabang mandirigma ng hari. Sa ilalim ng kanyang karangyaan, sisindihan niya ang siga.

Ebanghelyo: Mateo 11:25-27

Nagsalita si Jesus sa pagkakataong iyon: "Pinupuri kita Amang Panginoon ng Langit at lupa, sapagkat itinago mo ang mga bagay na ito sa matatalino at marurunong, at ipinamulat mo naman sa mga karaniwang tao. Oo, Ama, ito ang ikinasiya mo.

Ipinagkatiwala sa akin ng aking Ama ang lahat. Walang nakakakilala sa Anak kundi ang Ama, at walang nakakakilala sa Ama kundi ang Anak at ang sinumang gustuhing pagbunyagan ng Anak.

Pagmamasid

Paano ba ngayon iginagalang ng mga anak ang kanilang ama?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus: "Ipinagkatiwala sa akin ng aking Ama ang lahat. Walang nakakilala sa anak, kundi ang Ama, at walang nakakakilala sa Ama, kundi ang Anak, at ang sinumang gustuhin pagbunyagan ng Anak."

Pagtatabas

Bilang anak, pinagkatiwalaan din ba ako ng aking ama?

Pagsasaayos

Iba ang sitwasyon ko sa kalagayan ng Panginoong Jesus at ang Diyos Ama. Sila, kasama ng Banal na Espiritu, tatlong persona sa iisang Diyos. Lubos ang kanilang pagkakaisa, tiwala sa bawat isa, at kapangyarihan. Walang hihigit sa kaalaman nila sa isa't-isa.

Gayunman, sa mabubuting Katoliko, may kaalaman, paggalang at pagmamahal ang ama sa anak, at ang anak sa ama, pati na ang pagtitiwala sa mga bagay na kayang gawin ng anak.

Pagdiriwang

Salamat, Ama, sa pagbigay Niyo sa bugtong Mong Anak na si Jesus. Sinunod Niya ang Iyong kalooban upang makamtan namin ang buhay na ganap sa Langit

**IKA-15 LINGGO
SA KARANIWANG PANAHO**
Salteryo: Linggo 3 / (Luntian/Puti)
*Mahal na Birheng Maria ng
Bundok ng Carmen*

Salmo 102:13-14ab at 15, 16-18, 19-21
*Mula sa iyong luklukan,
lahat ay 'yong minamasdan.*



Huwebes
16 HULYO

Unang Pagbasa:
Isaias 26:7-9, 11, 16-19

Lumakad sa pagkamatuwid ang matuwid.
Pinapatag mo ang landas ng makatarungan.
Sa paglakad sa daan ng iyong mga batas, O
Yawe, sa iyo kami umaasa; ang Pangalan mo
at ang iyong alaala ang hangarin ng puso.

Pinakananais ka ng aking kaluluwa sa gabi;
patuloy kang hinahanap ng aking espiritu.
Pagsapit sa lupa ng iyong paghuhukom, ang
mga mamamayan ng daigdig ay matututo
ng tama.

Yawe, nakaamba ang kamay mo, ngunit
hindi nila iyon napapansin. Ipakita mo sa
kanila ang malasakit mo sa iyong bayan
upang sila'y mapahiya. Tupukin sila sa apoy
na laan mo sa iyong mga kaaway.

Yawe, hinanap ka namin sa aming pighati.
Nabubuhay kaming api at mabigat ang iyong
parusa.

Sa harap mo, O Yawe, kami'y parang
babaeng naghihirap sa panganganak,
namimilit sa dumaraing sa sakit.

Kami'y naglihi, namilit sa sakit na parang
nanganganak: pero puro hangin lamang ang
lumabas! Wala kaming naihatid na kaligtasan
sa bayan, at walang ipinanganak na mga tao
ng bagong daigdig.

Mabubuhay ang iyong mga patay; baba-
ngon ang kanilang mga bangkay. Gumising
at umawit, kayong nangahihimlay sa ala-
bok! Pababain mo ang iyong hamog, O
Panginoon, ang hamog ng liwanag, at ilu-
luwa ng lupa ang kanyang mga patay.

Ebanghelyo: Mateo 11:28-30

Lumapit sa akin, lahat kayong nahihirapan
ko kayo. Kunin ninyo ang aking pamatok
at matuto sa akin, akong mahinahon at
mababang-loob, at makakatagpo kayo ng
ginhawa para sa inyong kaluluwa. Sapagkat
mahusay ang aking pamatok at magaan ang
aking pasanin."

Pagmamasid

Kapag nakakaranas tayo ng hirap sa buhay, kanino tayo unang lumalapit?

Paghahawi

Payo ni Jesus: "Lumapit sa akin lahat kayong nahihirapan at may pinapasan at pagiginhawihin ko kayo."

Pagtatabas

Lumalapit ba tayo kay Jesus tuwing nahihirapan at may pinapasan tayo? Nakakaramdam ba tayo ng ginhawa sa Kanya?

Pagsasaayos

Lagi tayong manalangin kay Jesus tuwing nahihirapan at may pinapasan tayo. Tuwing ginagawa ko ito, nakakaramdam ako ng ginhawa, nagiging mapayapa ang aking puso at isip, dahil tinutulungan Niya akong pasanin ang aking suliranin at makaisip ng kalutasan.

Pagdiriwang

Maraming salamat, Panginoong Jesus, na sa tuwing nakakaranas ako ng kahirapan, Kayo ang aking pag-asa at sandigan.



Isaias 38:10, 11, 12abkd, 16
*Buhay ko'y 'yong iniligtas,
pag-iral ko'y walang wakas.*

Unang Pagbasa:
Isaias 38:1-6, 21-22, 7-8

Ebanghelyo: Mateo 12:1-8

Naglakad noon si Jesus sa mga taniman ng trigo minsang Araw ng Pahinga. Nagutom ang kanyang mga alagad at sinimulan nilang alisin sa uhay ang mga butil, at kinain iyon. Nang mapansin ito ng mga Pariseo, sinabi nila kay Jesus: "Tingnan mo ang iyong mga alagad, gumagawa sila ng ipinagbabawal sa Araw ng Pahinga!"

Ngunit sumagot si Jesus: "Hindi ba ninyo nabasa ang ginawa ni David noong magutom siya at ang kanyang mga kasama?"

Pumasok siya sa bahay ng Diyos at kinain ang tinapay na inihain para sa Diyos gayong bawal sa kanya o sa kanyang mga kasama na kainin ito liban sa mga pari. At hindi ba ninyo nabasa sa Batas na sa Araw ng Pahinga, walang pahinga ang mga pari sa Templo pero wala silang kasalanan dahil dito?

Sinasabi ko naman sa inyo: Dito'y may mas dakila pa sa Templo. Kung nauunawaan ninyong talaga ang salitang ito, '*Awa ang gusto ko, hindi handog,*' hindi sana ninyo hinatulan ang walang-sala. At isa pa'y ang Anak ng Tao ang Panginoon ng Araw ng Pahinga."

Pagmamaisid

May mga ginagawa ka ba sa Linggo, Araw ng Pahinga, para sa kabutihan?

Paghahawi

Sa mga Pariseo na nagtanong kung bakit ang mga gutom na alagad ni Jesus, nag-aalis at kinakain ang mga butil ng trigo sa Araw ng Pahinga, sagot Niya: "Hindi ba ninyo nabasa ang ginawa ni David noong nagutom siya at ang kanyang mga kasama?" Sa Araw ng Pahinga, pumasok Siya sa bahay ng Diyos, at kinain ang tinapay na mga pari lang ang maaring kumain nito.

Pagtatabas

Nakakapahinga ka ba sa Linggo? May nagagawa ka ba para sa Diyos sa araw na ito?

Pagsasaayos

Sa Araw ng Pahinga ng mga Judio, bawal ang kumilos o gumawa. Sa ating Araw ng Pahinga, karamihan sa atin, kailangan kumilos, bumili, at magluto upang makakain. Ito rin ang Araw ng Pagsimba, o ating pagdalo sa Banal na Misa. Ang mga lingkod-Simbahan maraming kawang-gawa sa kapwa sa Linggo, tulad ng pagtuturo ng Katesismo sa mga bata, pagpapakain ng mga dukha, pagtulong sa gamutan ng mga maralita, at pagbigay ng ayuda sa mga mahihirap. Ang kawang-gawa pagtalima sa nais ni Jesus - awa kaysa handog.

Pagdiriwang

Salamat, Ama, sa kabutihan ng Simbahan sa Araw ng Pahinga. Hindi Niyo hinahayaan na ipagwalang bahala ang mga taong nangangailangan ng Inyong biyaya at pagmamahal.

**IKA-15 LINGGO
SA KARANIWANG PANAHO**
Salteryo: Linggo 3 / (Luntian/Puti)
*Mahal na Birheng Maria /
San Camillus ng Lellis*

Salmo 10:1-2, 3-4, 7-8, 14
Poon, huwag pabayaang ang mga nahihirapan.



Sabado
18 HULYO

Unang Pagbasa: Mikeas 2:1-5

Kawawa ang mga nagbabalak ng katampalasanan, ang mga nagpapalano ng kasamaan sa kanilang higaan! Kinaumagaha'y ginagawa nila iyon pagsapit ng pagkakaon.

Pag pinagnasahan nila ang mga bukid, kinakamkam ang mga iyon. Gusto ba nila ng bahay? Kinukuha nila iyon. Sinasamsam nila ang may-ari at ang kanyang sambahayan, ang tao at ang kanyang ari-arian.

Kaya nagsasalita si Yawe: "May binabalak akong masama laban sa mga taong ito, at walang leeg na maliligtas. Hindi na kayo makalalakad pang taas-noo pagkat magiging panahon ito ng kapahamakan."

Magiging isang halimbawa kayo sa araw na iyon at pagtatawanan sa punebreng ito: "Inagawan kami ng ari-arian sa sarili naming lupa. Sino'ng magpapalayas sa tampalasang namahagi ng aming mga lupain?"

Wala ngang makukuhang sinuman sa Kapulungan ni Yawe na mag-iingat ng lupa para sa inyo.

Ebanghelyo: Mateo 12:14-21

Pagkalabas ng mga Pariseo, nag-usap-usap sila kung paano nila siya masisiraan. Nalaman ito ni Jesus kaya lumayo siya sa lugar na iyon. Maraming tao ang sumunod sa kanya. Pinagaling niya ang lahat ng maysakit ngunit inutusan niya sila na huwag siyang ipamamalita.

Kaya natupad ang sinabi ni Isaias, ang propeta:

"Narito ang utusan ko na aking pinili, ang mahal ko na siya kong kinalulugdan. Ilalagay ko sa kanya ang aking Espiritu at siya ang magpapahayag sa mga bansa ng aking mga pasya.

Hindi siya makikipagtalos o sisigaw, hindi maririnig sa mga liwasan ang kanyang tinig. Hindi niya babaliin ang sugatang tangkay o papatayin ang aandap-andap na mitsa. Hindi siya titigil hanggang magwagi ang katarungan. Ang kanyang pangalan ang inaasahan ng lahat ng bansa."

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Edprim E. Gaza, CM

Pagmamasiid

Kapag gumaling ka sa isang sakit, naipapamalita mo ba kung sinong nagpagaling sa iyo?

Paghahawi

Pinagaling ni Jesus ang lahat na may sakit, at ipinagbiling sa kanila na huwag siyang ipamalita sa mga tao.

Pagtatabas

Bakit mahigpit na ibiniling ni Hesus na ipamalita kung sino Siya?

Pagsasaayos

Upang maiwasan ang maling pagkaunawa sa Kanyang misyon, mapigilan ang galit ng mga Pariseo, at dahil hindi pa tamang panahon na ipahayag ang Kanyang pagiging Mesiyas. Ginawa rin Niya ito bilang katuparan ng propesiya ni Isaias na ang Lingkod ng Diyos ay mapagpakumbaba, hindi palalo, at tahimik sa pagtupad ng misyon. Sa ngayon, kasama sa ating misyon bilang binyagan na ipahayag at ipakilala ang kabutihan ni Hesus lalo na sa mga mahihirap at inaapi. At ang kagalingan dulot ng kanyang presensya.

Pagdiriwang

Makapangyarihang Jesus, tulungan Niyo kaming laging gawin ang Kalooban Niyo, hindi ang aming kalooban. Alam Niyo ang makakabuti sa aming lahat.

Pinakamaliit ito sa mga buto ngunit paglali'y mas malaki ito sa mga gulay, at parang isang puno – *dumarating ang mga ibon ng langit at dumadapo sa mga sangay nito.*"

At sinabi ni Jesus ang iba pang talinhaga: “Naikukumpara ang kaharian ng Langit sa lebadurang kinuha ng isang babae at ibinaon sa tatlong takal ng harina hanggang umalsa ang buong masa.”

Itinuro ni Jesus ang lahat ng ito sa mga tao sa pamamagitan ng mga talinhaga; hindi siya nagturo sa kanila na hindi gumagamit ng mga talinhaga. Kaya natupad ang sinabi ng Propeta: *“Magsasalita ako sa talinhaga. Magpapahayag ako ng mga bagay na natago mula pa sa simula ng daigdig.”*

At pinaalis niya ang mga tao at saka pumasok sa bahay. Lumapit noon sa kanya ang kanyang mga alagad at nagtanong: “Ipaliwanag mo sa amin ang talinhaga ng mga trigo sa bukid.” Sumagot si Jesus: “Ang nagtanim ng mabuting buto ay ang Anak ng Tao. Ang bukid naman, ang daigdig; ang mabuting buto, ang mga tao ng Kaharian; at ang masasamang damo, ang mga tauhan ng demonyo. Ang kaaway na naghasik sa kanila ay ang demonyo; ang pag-aani ay ang katapusan ng mundo, at ang mga manggagawa ay ang mga anghel.

Kung paanong tinitipon ang masasamang damo at sinusunog sa apoy, ganito rin ang mangyayari sa katapusan ng mundo. Ipada-dala ng Anak ng Tao ang kanyang mga anghel at titipunin nila sa kanyang kaharian ang mga eskandalo at ang mga gumagawa ng masama. At itatapon ang mga ito sa nagliliyab na pugon kung saan may iyakan at pagngangalit ng ngipin. At pagkatapos nito, magniningning ang mga makatarungan tulad ng araw sa Kaharian ng kanilang Ama. Makinig ang may tainga!



“Naihahambing ang kaharian ng Langit sa isang taong naghasik ng mabuting buto sa kanyang taniman.”

DATE OF ESTABLISHMENT: 1986, San Bartolome de Novaliches Parish

Pagmamaisid

Masarap tumira sa isang lugar na kasama ang mabubuting tao.

Paghahawi

Inihambing ni Jesus ang kaharian ng Langit sa taong naghasik ng mabuting buto ng trigo sa kanyang taniman. Dumating ang kaaway na naghasik ng masasamang damo sa tanim na trigo. Nang tumubo ang mga tanim, naglitawan ang masasamang damo. Sa halip na alisin ang masasamang damo at baka mapasama ang trigo, hinayaan itong tumubo kasabay ng mga trigo. Sa anihan, binigkis at sinunog ang masasamang damo, at inilagay ang trigo sa kamalig.

Pagtatabas

Saan ako mapapabilang, sa sinunog na damo, o trigong inilagay sa kamalig? Ano ang magiging batayan ng kapalaran ko?

Pagsasaayos

Kung paanong tinipon ang masasamang damo at sinunog sa apoy, ganito rin ang mangyayari sa paghuhukom ni Jesus. Binibigyan ang masasamang tao ng sapat na panahon, upang magbago at mapabilang sa mabubuting tao.

Pagdiriwang

Ama, patuloy Niyo kaming gabayan, upang pagsisihan ang kasalanan at pagkukulang sa Inyo. Nawa, magbago at mapabilang din kami sa Inyong Kaharian.



Unang Pagbasa: Mikeas 6:1-4, 6-8

Pakinggan ang sinabi sa akin ni Yawe: "Tumindig ka, iharap mo sa mga bundok ang iyong usapin at sa mga burol ang iyong katwiran." Dinggin, mga bundok, ang sumbat ni Yawe! Makinig, mga pundasyon ng lupa! Pagkat may usapin si Yawe laban sa kanyang bayan, at isinasakdal niya ang Israel. "Bayan ko, ano'ng ginawa ko sa iyo? Paano ako naging pabigat sa iyo? Sagutin mo ako. Inilabas kita mula sa Ehipto, tinubos sa lupain ng pagkaalipin; ipinadala ko sina Moises, Aaron at Miriam upang manguna sa iyo.

"Ano'ng dadalhin ko pagpunta kay Yawe at pagyuko sa Kataas-taasan? Magdadala ba ako ng mga sinunog na handog, ng mga guya? Masisiyahan ba si Yawe sa libu-libong lalaking tupa, sa naguumapaw na mga handog na langis? laalay ko ba ang aking panganay para sa aking pagkakasala, ang bunga ng aking katawan para sa aking pagkakamali?"

"Tao, nasabi na sa iyo kung ano ang mabuti at kung ano ang gusto ni Yawe: maging makatarungan, maawain, at pakumbabang lumakad kasama ng iyong Diyos.

Ebanghelyo: Mateo 12:38-42

Sinabi noon ng ilang guro ng Batas at mga Pariseo: "Guro, gusto naming makakita ng tanda mula sa iyo." Sumagot si Jesus: "Isang palatandaan ang hinihiling ng masama at di-tapat na lahing ito ngunit walang palatandaang ibibigay sa kanila, maliban sa palatandaan ni Propeta Jonas. Kung paanong tatlong araw at tatlong gabing nasa tiyan ng balyena si Jonas noon, gayundin naman tatlong araw at tatlong gabing mananatili sa ilalim ng lupa ang Anak ng Tao.

Sa paghuhukom, babangon ang mga taga-Ninive kasama ng mga taong ito at hahatulan ang salinlahing ito sapagkat nagpanibagong-buhay sila sa pangangaral ni Jonas, at dito'y may mas dakila pa kay Jonas. Sa paghuhukom, babangon ang Reyna ng Timog, kasama ng mga taong ito at hahatulan sila. Sapagkat dumating siya mula sa kabilang dulo ng mundo para masaksihan ang karunungan ni Solomon, at dito'y may mas dakila pa kay Solomon.

Pagmamasisid

Kailangan ko ba ng palatandaan, upang maging masunurin at tapat sa aking mabubuting magulang?

Paghahawi

Hiniling ng mga guro ng Batas at mga Pariseo: "Guro, gusto naming makakita ng tanda mula sa iyo." Ngunit sabi ni Jesus, na walang ibang palatandaang ipapakita, kundi ang palatandaan ni Propeta Jonas."

Pagtatabas

Kailangan ko bang makakita ng palatandaan, upang sumunod at maging tapat sa Diyos?

Pagsasaayos

Sabi ni Jesus na tulad ni Jonas na nasa tiyan ng balyena ng tatlong araw at gabi, bago nakarating sa Nineve, nangaral, at nagpanibagong-buhay ang mga naron, ang palatandaan Niya sa mga Judio - ang pananatili ng tatlong araw at gabi sa ilalim ng lupa bago Siya muling mabuhay.

Sa mga tapat na tagasunod ni Jesus, ang ganitong palatandaan, nagpatibay na kanilang pananampalataya sa Kanya. Dahil naituro na sa akin ang kahalagahan ng pagsunod at pagiging tapat sa aking mga magulang, kailangan ko na lang ng pagpapaalala hanggang sa pagyao nila.

Pagdiriwang

Ama, hawakan Niyo kami lagi ng Inyong pagmamahal, upang tapat naming tahakin ang landas ng kabanalan, hanggang sa huling sandali ng aming buhay.

**IKA-16 NA LINGGO
SA KARANIWANG PANAHO**
Salteryo: Linggo 4 / (Luntian/Puti)
San Lorenzo ng Brindisi

Salmo 85:2-4, 5-6, 7-8
Pag-ibig mo'y ipakita, iligtag kami sa dusa.



Martes
21 HULYO

Unang Pagbasa:
Mikeas 7:14-15, 18-20

Ipastol mo ang iyong bayan na hawak ang iyong tungkod, ang iyong kawang tulad ng nag-iisang palumpong sa mayamang pastulan. Manginain sila sa Basan at Galaad gaya noong una. Ipakita sa amin ang kahanga-hanga mong gawa nang ilabas mo kami mula sa Ehipto.

Sino ang diyos na tulad mo, na nag-aalis ng pagkakasala at nagpapatawad ng kasalanan ng nalabi sa kanyang pamana? Hindi nga nagtatagal ang iyong galit at kinalulugdan mo ang pagkahabag.

Minsan ka pang mahabag sa amin at yurakan ang aming mga pagkukulang at ihagis sa kailaliman ng dagat ang lahat naming pagkakasala.

Ipakita sa amin ang iyong katapatan kay Jacob, ang iyong awa kay Abraham, gaya ng isinumpa mo sa aming mga ninuno noon pang una.

Ebanghelyo: Mateo 12:46-50

Nagsasalita pa si Jesus sa mga tao nang dumating ang kanyang ina at mga kapatid para makipag-usap sa kanya, at naghihintay sila sa labas. Kaya may nagsabi sa kanya: "Nasa labas ang iyong ina at mga kapatid; gusto ka nilang makausap."

Sumagot si Jesus sa nagsabi sa kanya: "Sino ang aking ina? Sino ang aking mga kapatid?" At itinuro niya ang kanyang mga alagad at sinabi: "Narito ang aking ina at mga kapatid. Ang nagsasagawa sa kalooban ng aking Ama sa Langit ang aking kapatid na lalaki at kapatid na babae at ina."

Pagmamasiid

Minamahal at pinahahalagahan ko ba ang aking pamilya?

Paghahawi

Tanong ni Jesus: "Sino ang aking ina? Sino ang aking mga kapatid?" Itinuro Niya ang kanyang mga alagad, at sinabi: "Narito ang aking ina at mga kapatid. Ang nagsasagawa sa kalooban ng aking Ama sa Langit. ang aking kapatid...at ina."

Pagtatabas

Paano mo binibigyang halaga ang iyong pamilya at mahal sa buhay?

Pagsasaayos

Marami sa atin binibigyang halaga at minamahal ang ating pamilya. Hindi itinatanggi at inaayawan ni Jesus ang Kanyang pamilya, bagkus Kanyang pinalalim ang kahulugan nito. Ang nananalig, sumusunod sa Kanya, at gumagawa ng kalooban ng Diyos ang Kanyang espirituwal na pamilya, pinag-iisa ng pananampalataya at pagtalima sa kalooban ng Diyos. Pamilya tayo ni Jesus at ng Diyos Ama, na lubos Nilang pinahahalagahan at minamahal.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, salamat sa Inyong pagbibigay halaga sa aming lahat. Salamat at ibinilang Niyong pamilya ang sumasagawa sa amin ng kalooban ng Ama.

Miyerkules

HULYO 22



KAPISTAHAN NI SANTA MARIA MAGDALENA

Salteryo: Hanay ng mga Banal / (Puti)

Salmo 71:1-2, 3-4a, 5-6ab, 15 at 17

*Patuloy kong isasaysay
ang dulot mong kaligtasan.*

Unang Pagbasa:
Awit ng mga Awit 3:1-4b
(o 2 Corinto 5:14-17)

Ebanghelyo: Juan 20:1-2, 11-18

Ngayon, pagkatapos ng Araw ng Pahinga, habang madilim pa, maagang pumunta sa libingan si Maria Magdalena, nang makita niyang tanggal ang bato mula sa libingan, patakbo siyang pumunta kay Simon Pedro at sa isa pang alagad na mahal ni Jesus. Sinabi niya sa kanila: "May kumuha sa Panginoon mula sa libingan, at hindi namin alam kung saan nila siya inilagay."

Nakatayo namang umiiyak sa labas si Maria sa may libingan. Sa kanyang pag-iyak, yumuko siyang nakatanaw sa libingan. At may napansin siyang dalawang anghel na nakaputi na nakaupo, isa sa may ulunan at isa sa may paanan ng pinaglagyan sa katawan ni Jesus.

Sinabi sa kanya ng mga iyon: "Ale, bakit ka umiiyak?" Sinabi niya sa kanila: "May kumuha sa Panginoon ko, at hindi ko alam kung saan siya inilagay." Pagkasabi niya nito, tumalikod siya at napansin niya si Jesus na nakatayo pero hindi niya nakilalang si Jesus iyon.

Sinabi sa kanya ni Jesus: "Ale, bakit ka umiiyak? Sino'ng hinahanap mo?" Sa pag-aakala niyang iyon ang hardinero, sinabi niya sa kanya: "Ginoo, kung kayo ang nagdala sa kanya, sabihin n'yo sa akin kung saan n'yo siya inilagay at kukunin ko siya."

Sinabi sa kanya ni Jesus: "Maria!" Pagkaharap niya'y sinabi niya sa kanya sa Aramaiko: "Rabbouni!" (na ibig sabih'y Guro). Sinabi sa kanya ni Jesus: "Huwag kang humawak sa akin sapagkat hindi pa ako nakaaakyat sa Ama. Puntahan mo ang mga kapatid ko at sabihin sa kanila: 'Paakyat ako sa Ama ko at Ama ninyo, sa Diyos ko at Diyos ninyo.'"

Pumunta si Maria Magdalena na ibinabalita sa mga alagad: "Nakita ko ang Panginoon." At sinabi niya ang mga sinabi sa kanya."

BIRTHDAY: Rev. Fr. Malou V. Lemaire

DATE OF ESTABLISHMENT: 2012, Santuario de San Vicente de Paul Parish and Shrine of the Poor

Pagmamasadid

Gagawin mo ba ang sasabihin sa iyo ng iyong hinahangaang tao?

Paghahawi

Sinabi kay Maria Magdalena ni Jesus na puntahan at sabihin sa mga kapatid Niya na paakyat Siya sa Ama at Diyos Niya at nila. Pumunta siya sa mga alagad, at ibinalita: "Nakita ko ang Panginoon." Sinabi niya ang mga sinabi sa kanya.

Pagtatabas

Tutularan ko ba si Maria Magdalena na ginawa ang sinabi ng nakita niyang hinahangaang Jesus?

Pagsasaayos

Nagagalak tayong makita ang hinahangaang tao. Labis ang galak ni Maria Magdalena nang namasdan niya si Jesus nang harapan. Sumunod agad siya sa utos Niya, at ibinalita sa mga apostol ang pinasasabi Niya.

Nakikita rin natin si Jesus tuwing Misa, ang tunay na presensya ni Jesus, at natatanggap ang Kanyang katawan at dugo sa Komunion. Magalak tayo sa presensya Niya, at gawin ang habilin sa atin ng pari sa dulo ng Misa na ibahagi si Jesus sa kapwa sa salita at gawa.

Pagdiriwang

Ama, nawa matularan namin si Maria Magdalena sa kagalakan sa presensya ni Jesus at magawa agad ang kalooban Niya sa aming buhay.

**IKA-16 NA LINGGO
SA KARANIWANG PANAHO**
Salteryo: Linggo 4 / (Luntian/Puti)
Santa Brigida

Salmo 36:6-7ab, 8-9, 10-11
Sa'yo Poon nagmumula ang umiiral na madla.



Unang Pagbasa:
Jeremias 2:1-3, 7-8, 12-13

Ebanghelyo: Mateo 13:10-17

Pagkatapos ay lumapit sa kanya ang mga alagad at nagtanong: "Bakit sa pama-magitan ng mga talinhaga ka nagsasalita sa kanila?" Sumagot si Jesus: "Sa inyo ipi-nagkaloob na malaman ang mga lihim ng kaharian ng Langit, ngunit hindi sa kanila. Sapagkat ang meron ay bibigyan pa at sasagana pa siya. Ngunit ang wala ay aagawan pa ng nasa kanya na. Kaya nagsasalita ako sa kanila nang patalinhaga sapagkat tumitingin sila pero walang nakikita, nakaririnig sila pero hindi nakikinig o nakakaunawa."

Sa kanila natutupad ang mga salita ni Pro-peta Isaias: "Makinig man kayo nang makinig, hindi kayo nakakaunawa; tumingin man kayo nang tumingin, hindi kayo nakakakita."

Pinatigas nga ang puso ng mga taong ito. Halos walang naririnig ang kanilang mga tainga at walang nakikita ang kanilang mata. At baka makakita ang kanilang mata at makarinig ang kanilang tainga at makaunawa ang kanilang puso, upang bumalik sila at pagalingin ko sila."

Ngunit mapapalad ang inyong mga mata na nakakakita at ang inyong mga tainga na nakakarinig.

Sinasabi ko nga sa inyo na maraming pro-peta at mabubuting tao ang may gustong makita ang nakikita ninyo ngayon pero hindi nila nakita, at marinig ang inyong naririnig pero hindi nila narinig.

DATE OF ESTABLISHMENT: 2005, Sagrada Familia Parish

Pagmamasiid

Kabilang ba ako sa mga taong nakatingin, pero walang nakikita, at nakakarinig, pero hindi nakikinig o nakakaunawa?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa mga alagad: "Sa inyo ipinagkaloob na malaman ang mga lihim ng kaharian ng Langit, ngunit hindi sa kanila...Kaya nagsasalita ako sa kanila nang patalinhaga, sapagkat tumitingin sila, pero walang nakikita. Nakaririnig sila, pero hindi nakikinig o nakakaunawa."

Pagtatabas

Bilang tagasunod ni Jesus, gaano ko alam ang katotohanan ng kaharian ng Langit, at nauunawaan ang mensahe ng mga talinhaga Niya?

Pagsasaayos

Ibinubunyag at ipinakikita ni Jesus ang katotohanan at misteryo ng kaharian ng Diyos sa mga taong may bukas na isip at puso at naghahanap nito. Makasusumpung ang humahanap, at mananatiling nasa kamang-mangan ang hindi humahanap. Bilang tagasunod ni Jesus, magpasalamat tayo na humahanap tayo ng katotohanan, at nakikinig sa Kanyang mga salita at aral, at mahahayag sa atin ang lihim ng kaharian ng Diyos at mensahe ng talinhaga ni Jesus.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, patuloy Niyo kaming gabayan na makita ang katotohanan at misteryo ng kaharian ng Langit, at mauunawaan ang mensahe ng Inyong mga talinhaga.



Unang Pagbasa: Jeremias 3:14-17

Bumalik kayo, mga taksil – si Yawe ang nagsasalita – sapagkat ako ang inyong Panginoon. Kukuha ako ng isa mula sa bawat lunsod at dalawa mula sa bawat angkan at dadalhin ko sa Sion. Kaya bibigyan ko kayo ng mga pinunong susunod sa akin, at bubusugin kayo sa karunungan at pagkaunawa. At kapag dumami na kayo sa lupaing iyon – si Yawe ang nagsasalita – hindi na babanggitin ng tao ang Kaban ng Tipan ni Yawe, hindi na iyon magugunita o hahanapin, at hindi na muling gagawin!

Sa panahong iyon, tatawaging Trono ni Yawe ang Jerusalem at doon magtitipon ang mga bansa alang-alang sa Ngalan ni Yawe at hindi na nila susundin ang kanilang makasalanang puso.

Ebanghelyo: Mateo 13:18-23

Makinig kayo ngayon sa talinhaga ng maghahasik.

Pag may nakakarinig sa salita ng Kaharian ngunit hindi naman niya inuunawa, dumarating ang Masama at inaagaw ang nahasik sa kanyang puso. Ito ang butong nahulog sa tabi ng daan.

Ang buto namang nahulog sa batuhan ay para sa taong nakarinig sa salita at kaagad itong tinanggap nang buong kasiyahan. Ngunit hindi ito nag-ugat sa kanyang kalooban at panandalian lamang. Kapag nagkaroon ng pagsubok at pag-uusig dahil sa salita, agad-agad siyang natitisod.

Ang butong nahulog sa mga tinikan ang nakarinig sa salita ngunit sinikil ito ng mga makamundong kabalisahan at ng pandaraya ng kayamanan, at hindi nakapagbunga ang salita.

Ang buto namang nahasik sa matabang lupa ang nakakarinig sa salita at umuunawa rito; nagbubunga siya at nagbibigay ng sandaan, animnapu o tatlumpu.”

Pagmamasid

Kailan nating masasabing namumunga nang masagana ang buhay natin?

Paghahawi

Talinhaga na salaysay ni Jesus: “Ang buto namang nahasik sa matabang lupa, ang nakakarinig sa salita, at umuunawa rito. Nagbubunga siya, at nagbibigay ng sandaan, animnapu o tatlumpu.”

Pagtatabas

Matuturing ba ni Jesus na matabang lupa ako, nakakarinig at umuunawa sa salita natanim Niya sa akin at nagbubunga nang masagana?

Pagsasaayos

Marami sa atin naghahangad na ang buhay natin mamunga nang masagana. Kay Jesus, ang pagtanggap sa mensahe tungkol sa kaharian ng Diyos ang mahalaga, ang pagiging bukas ng puso at pang-unawa sa Kanyang mensahe.

Mahalaga kung paano mamumunga sa ating buhay ang naihasik na binhi ng pananampalataya. Ang kasaganaang tunay, dinirinig, nag-uugat, isinasabuhay at ibinabahagi ang kaharian ng Diyos sa lupa at Langit sa ating kapwa. Namumunga nang sagana, kung mataba ang lupang nahasikan ng salita ni Jesus.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, tulungan Niyo kaming marinig, makita, maunawa at maisabuhay ang Inyong mga aral at turo, upang maging matabang lupa kami na nagbubunga nang masagana.

KAPISTAHAN NI APOSTOL SANTIAGO

Salteryo: Hanay ng mga Banal / (Pula)

Salmo 126:1bk-2ab, 2kd-3, 4-5, 6

*Ang nagtanim na may luha
ay aaning natutuwa.*



Unang Pagbasa: 2 Corinto 4:7-15

Ebanghelyo: Mateo 20:20-28

Lumapit noon kay Jesus ang ina nina Jaime, at Juan kasama ng dalawa niyang anak, at lumuhod sa harap niya para makiusap. Tinanong siya ni Jesus: “Ano ang ibig mo?” At sumagot siya: “Narito ang dalawa kong anak. Lutos mong maupo ang isa sa iyong kanan at ang isa naman sa iyong kaliwa sa iyong Kaharian.”

Sinabi ni Jesus sa magkapatid: “Hindi ninyo nalalaman ang inyong hinihingi. Maiinom ba ninyo ang kalis na iinum ko?” Sumagot sila: “Kaya namin.” Sumagot si Jesus: “Totoong inom din kayo sa aking kalis, ngunit wala sa akin ang pagpapaupo sa aking kanan o kaliwa. Para sa mga hinirang ng Ama ang mga lugar na iyon.”

Nang marinig ito ng sampu, nagalit sila sa magkapatid. Kaya tinawag sila ni Jesus at sinabi: “Alam ninyo na sinusupil ng mga naghahari ang kanilang mga bansa at inaapi ng mga nasa kapangyarihan. Hindi naman ganito sa inyo: ang may gustong maging dakila, siya ang maging lingkod ninyo; ang may gustong mauna sa inyo, siya ang maging alipin ninyo. Gayundin naman, dumating ang Anak ng Tao hindi para paglingkuran kundi para maglingkod at ibigay ang kanyang buhay bilang pantubos sa marami.”

Pagmamasiid

Sa iyong barangay o samahan, ano ang napapansin mong ugali ng mga namumuno?

Paghahawi

Payo ni Jesus sa labindalawang apostol: “Ang may gustong maging dakila, ang siyang maging lingkod Ninyo. Ang may gustong mauna sa inyo, siya ang maging alipin ninyo. ...dumating ang Anak ng Tao, hindi para paglingkuran, kundi para maglingkod, at ibigay ang kanyang buhay, bilang pantubos sa marami.”

Pagtatabas

Magagawa ko ba ang payo ni Jesus o matutularan ko ba Siya na maglingkod, kapag namuno sa isang grupo o maging lingkod-Simbahan?

Pagsasaayos

Itinuturo sa atin ni Jesus na maglingkod ang sinumang nagnanais na maging pinuno, at hindi ang paglingkuran siya. Isang napakagandang halimbawa ang ginawa ni Jesus. Bagama’t Diyos at Panginoon Siya, hindi Niya ninais na paglingkuran, ngunit Siya ang naglingkod, at nag-alay ng buhay para sa kaligtasan nating lahat.

Nagiging sagabal sa tunay na pamumuno ang pagiging makasarili at mapagmataas. Tularan natin ang kababaang-loob ni Jesus sa pamumuno Niya sa lupa, ayon sa kalooban ng Ama.


Pagdiriwang

Panginoong Jesus, nawa naisin namin ang maglingkod at hindi ang paglingkuran. Akayin Niyo kami sa Inyong landas ng paglilingkod at pagmamahal.



Naihahambing din ang kaharian ng Langit sa isang malaking lambat na inihagis sa dagat at nakahuli ng kung anu-ano. Nang puno na ang lambat, hinila ito papunta sa pampang. At saka naupo ang mga tao at tinipon ang mabubuting isda sa mga timba at itinaon ang mga walang kuwenta. Ganito ang mangyayari sa katapusan ng mundo. Lalabas ang mga anghel para ihiwalay ang masasama sa mabubuti; at itatapon sila sa nagliliyab na pugon kung saan may iyanan at pagngangalit ng mga ngipin.”

At itinanong ni Jesus: “Nauunawaan ba ninyo ang lahat ng ito?” “Oo,” ang sagot nila. Kaya sinabi niya sa kanila: “Kaya bawat guro ng Batas na tinuruan tungkol sa Kaharian ay katulad ng isang ama ng tahanan na may tabihan, at laging may bago at luma sa tuwing kukuha siya.”



“Naihahambing ang kaharian ng Langit sa kayamanang nakatago sa isang bukid.”

Pagmamaisip

May bagay ba na napakalaki ng halaga sa iyo, na ipagbibili mo ang lahat, makuha mo lang ito?

Paghahawi

Paglalarawan ni Jesus: “Naihahambing din naman ang kaharian ng Langit sa isang negosyanteng naghahanap ng magagandang perlas. Pagkakita niya ng isang perlas na napakalaki ang halaga, umalis siya at ipinagbili ang lahat niyang ari-arian, at binili ang perlas.”

Pagtatabas

Ano ang katumbas ng perlas sa iyong buhay na gagayahin mo ang ginawa ng negosyante upang mabili ito?

Pagsasaayos

Malamang iba’t-iba ang perlas ng ating buhay, at magkakaiba rin marahil ang mga paraan natin, upang makuha ito. Nawa, higit pa sa anumang bagay at yaman sa mundo ang kaharian ng Langit na nararapat nating hanapin, dahil pinakamahalaga ito hanggan sa kabilang buhay. Sundan natin si Jesus na Siyang pinagmumulan ng tunay na yaman. Yakapin natin ang kabutihan at katotohanan na Kanyang itinuturo. Ito ang yamang lubos na nagniningning na nagkakaloob ng buhay na walang hanggan.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, samahan Niyo kami sa daan patungo sa Kaharian ng Langit. Ilayo Niyo kami sa mga hadlang upang makamit ito.



Unang Pagbasa: Jeremias 13:1-11

Ito ang sinabi sa akin ni Yawe: "Hala! Bumili ka ng sinturong linen at itali sa iyong baywang; huwag mo itong ilagay sa tubig."

Kaya bumili ako ng sinturon gaya ng iniutos ni Yawe, at itinali sa aking baywang.

Muling dumating sa akin ang salita ni Yawe: "Kunin mo ang sinturong binili mo, na itinali mo sa iyong baywang; pumunta ka sa Ilog Para at itago iyon sa isang butas sa batuhan."

Pumunta ako roon at itinago ang sinturon, gaya ng iniutos sa akin ni Yawe. Makaraan ang maraming araw, sinabi sa akin ni Yawe: "Magpunta ka sa Ilog Para at kunin mo ang sinturon na iniutos kong itago mo roon." Nagpunta nga ako sa ilog at hinukay ko ang sinturon pero sira na iyon at wala nang silbi. At sinabi sa akin ni Yawe:

"Ganito ko wawasakin ang kapalaluan ng Juda at ang dakilang luwalhati ng Jerusalem. Tumatanggi nga ang masamang bayang ito na sumunod sa aking mga utos, at humahabol sila sa ibang mga diyos para paglingkuran at sambahin ang mga iyon. Matutulad sila sa sinturong ito na wala nang silbi ngayon.

Kung paanong nakatali sa baywang ang sinturon, nakatali rin sa akin ang mga sam-bayanang Israel at Juda si Yawe ang nagsasalita – upang maging luwalhati ko at dangal, ngunit hindi sila nakinig.

Ebanghelyo: Mateo 13:31-35

Binigyan sila ni Jesus ng isa pang talinhaga: "Naikukumpara ang kaharian ng Langit sa isang buto ng mustasa na kinuha ng isang lalaki at inihasik sa kanyang bukid.

Pinakamaliit ito sa mga buto ngunit pag-laki'y mas malaki ito sa mga gulay, at parang isang puno – dumarating ang mga ibon ng langit at dumadapo sa mga sanga nito."

At sinabi ni Jesus ang iba pang talinhaga: "Naikukumpara ang kaharian ng Langit sa lebadurang kinuha ng isang babae at ibinaon sa tatlong takal ng harina hanggang umalsa ang buong masa."

Itinuro ni Jesus ang lahat ng ito sa mga tao sa pamamagitan ng mga talinhaga; hindi siya nagturo sa kanila na hindi gumagamit ng mga talinhaga. Kaya natupad ang sinabi ng Propeta: "Magsasalita ako sa talinhaga. Magpapahayag ako ng mga bagay na natago mula pa sa simula ng daigdig."

DATE OF ESTABLISHMENT: 1998, Ang Muling Pagkabuhay ng Ating Panginoon Parish

Pagmamasid

Nakapagtanim ka na ba ng maliit na binhi, at pagsibol at paglago nito, lumaki at naging puno?

Paghahawi

Paliwanag ni Jesus na ang kaharian ng Langit parang sa isang buto ng mustasa na inihasik sa bukid. Pinakamaliit na buto, ngunit lumalaki parang isang puno – dumadapo ang mga ibon sa mga sanga nito.

Pagtatabas

Alam mo ba na ang Simbahang Katolika nagsimula sa labindalawang apostol noong higit na dalawang libong taon, at lumago sa higit na isang bilyong Katoliko ngayon?

Pagsasaayos

Kumakanlong tayo sa mga dahon ng puno ng mustasa na sumisimbolo sa kaharian ng Langit. Sa ating pagkanlong, hinuhubog tayong makagawa at makapaglingkod sa kapwa na nakakatulong sa paglago ng kaharian ng Diyos.

Ang sariling pananampalataya matuturing na maliit na buto sa binyag noong sanggol tayo, maaring lumago at maging puno habang lumalaki tayo, kung tapat tayo sa mga tungkulin ng Katoliko. Dumarami ang mga kakilala nating Katoliko na naghuhubog sa atin o nababahaginan natin ng mga turo ni Jesus.

Pagdiriwang

Ama, bigyan Niyo kami ng lakas, kaalaman. at grasya upang makatulong sa paglago ng Inyong kaharian sa lupa.

**IKA-17 LINGGO
SA KARANIWANG PANAHO**
Salteryo: Linggo 1 / (Luntian/Pula)
San Pedro Poveda

Salmo 79:8, 9, 11 at 13
*Dahil sa ngalan mo, Poon,
ilgtas mo kami ngayon.*



Martes
28 HULYO

Unang Pagbasa: Jeremias 14:17-22

Ebanghelyo: Mateo 13:36-43

At pinaalis niya ang mga tao at saka pu-
masok sa bahay. Lumapit noon sa kanya
ang kanyang mga alagad at nagtanong:
“Ipaliwanag mo sa amin ang talinhaga ng
mga trigo sa bukid.” Sumagot si Jesus: “Ang
nagtanim ng mabuting buto ay ang Anak
ng Tao. Ang bukid naman, ang daigdig; ang
mabuting buto, ang mga tao ng Kaharian;
at ang masasamang damo, ang mga tauhan
ng demonyo. Ang kaaway na naghasik sa
kanila ay ang demonyo; ang pag-aani ay ang
katapusan ng mundo, at ang mga mang-
gagawa ay ang mga anghel.

Kung paanong tinitipon ang masasamang
damo at sinusunog sa apoy, ganito rin
ang mangyayari sa katapusan ng mundo.
Ipadadala ng Anak ng Tao ang kanyang mga
anghel at titipunin nila sa kanyang kaharian
ang mga eskandalo at ang mga gumagawa
ng masama. At itatapon ang mga ito sa
naglililiyab na pugon kung saan may iyakan
at pagngangalit ng ngipin. At pagkatapos
nito, magniningning ang mga makatarungan
tulad ng araw sa Kaharian ng kanilang Ama.
Makinig ang may tainga!

Pagmamasid

Ano ang turing sa aking ng mga kilala ko, mabuting buto o masamang damo?

Pagbahawi

Turo ni Jesus sa mga alagad: “Ang nagtanim ng mabuting buto, ang Anak ng Tao. Ang bukid
naman, ang daigdig; ang mabuting buto, ang mga tao ng Kaharian; at ang masasamang damo,
ang mga tauhan ng demonyo. ...Ipadadala ng Anak ng Tao ang kanyang mga anghel, at titipunin
nila... ang mga gumagawa ng masama, at itatapon...sa naglililiyab na pugon... magniningning
ang mga makatarungan tulad ng araw sa Kaharian.”

Pagtatabas

Sa paglisan natin sa mundo, paano tayo mapapasama sa magniningning na mga makatarungan?

Pagsasaayos

Alalahanin natin na nilikha tayong kawangis ng Diyos. Tinatawag tayo ni Jesus manatiling tapat sa
Diyos at sundin ang Kanyang mga utos at kalooban. Sa paghuhukom, ihihiwalay ang mga naniniwala
kay Jesus at ang gumagawa ng masama dahil sa pagtalikod sa kabutihan. Ang pagpasok sa Kaharian
ng Diyos ang gantimpala sa tapat sa Kanya at mabuti sa kapwa.

Pagdiriwang

Ama, tulungan Niyo kaming maging tapat sa Inyo at mabuti sa kapwa hanggang sa huling sandali
ng aming buhay sa lupa.



**IKA-17 LINGGO
SA KARANIWANG PANAHO**

Salteryo: Linggo 1 / (Puti)
Santa Marta, Santa Maria, at San Lazaro

Salmo 59:2-3, 4, 10-11, 17, 18
*Ang D'yos ang aking takbuhan
sa araw ngkagipitan.*

Unang Pagbasa: Jeremias 15:10, 16-21

Kawawa ako, Ina, bakit mo pa ako ipinang-nak? Isang lalaking gulo at pagtatalo ang dala sa buong lupain! Wala naman akong utang sa kanila, at sila man sa akin, ngunit isinusumpa ako ng lahat!

Nang tanggapin ko ang iyong mga salita, kinain ko ang mga ito naging kaligayahan ko at galak ang iyong mga salita, nalipos nga ako ng iyong Pangalan.

Hindi nga ako nakihalubilo at sumama sa pangkat ng mga nagtatawa. Nang patungan ako ng iyong kamay; umupo akong mag-isa at pinuno mo ako ng iyong poot.

Bakit wala nang katapusan ang aking pig-hati at wala nang paggaling ang aking sugat? Bakit mo ako nilililang at para kang bukal na natutuyuan?

At kinausap ako ni Yawe: "Kapag nagbalik ka, muli kitang ibabalik at paglilingkurang mo akong muli. Kapag pinili mo ang ginto sa kalawang, magiging bibig kitang muli. Palapitin mo sila sa iyo, at huwag kang lumapit sa kanila. Gagawin kitang moog pader na tanso sa harap ng bayang ito; at kalabanin ka nila'y hindi ka nila malulupig.

Sumasaiyo ako para palayain ka at iligtas. Ililigtas kita sa masasama at palalayain sa kamay ng malulupit."

**Ebanghelyo: Juan 11:19-27
(o Lucas 10:38-42)**

Marami sa mga Judio ang pumunta kina Marta at Maria para makiramay sa kanila sa kanilang kapatid.

Kaya pagkarinig ni Marta na dumarating si Jesus, sinalubong niya ito. Si Maria naman ay nakaupo sa bahay. At sinabi ni Marta kay Jesus: "Panginoon, kung naririto ka, hindi sana namatay ang kapatid ko. Ngunit kahit na ngayon, alam kong anumang hingin mo sa Diyos ay ibibigay sa iyo ng Diyos."

Sinabi sa kanya ni Jesus: "Babangon ang kapatid mo." Sinabi naman sa kanya si Marta: "Alam ko na babangon siya sa pagkabuhay sa huling araw."

Sinabi sa kanya ni Jesus: "Ako siyang pagkabuhay (at ang buhay.) Mabubuhay ang nananalig sa akin kahit na mamatay siya. Hinding-hindi mamamatay kailanman ang bawat nabubuhay at nananalig sa akin. Pinaniniwalaan mo ba ito?"

Sinabi niya sa kanya: "Opo, Panginoon. Nananalig nga ako na ikaw ang Kristo, ang Anak ng Diyos, na dumarating sa mundo."

Pagmamasiid

Nakakaramdam ka ba ng dalamhati sa pagkamatay ng iyong mahal sa buhay?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus kay Marta: "Mabubuhay ang nananalig sa akin, kahit na mamatay siya. Hinding-hindi mamamatay kailanman ang bawat nabubuhay at nananalig sa akin. Pinaniniwalaan mo ba ito?" Sagot ni Marta: "Opo, Panginoon. Nananalig nga ako na ikaw ang Kristo, ang Anak ng Diyos, na dumarating sa mundo."

Pagtatabas

Patuloy ka bang magtitiwala sa Diyos sa iyong pagdadalamhati sa pagkawala ng iyong minamahal?

Pagsasaayos

Nanalig si Marta sa kapangyarihan ni Jesus sa kabila ng kanyang pagdadalamhati. Ipinakita niya ang kanyang pag-asa, pagtitiwala, at pananampalataya kay Jesus. Bagama't nawika niya na kung naroon sana si Jesus, hindi mamamatay si Lazarus, ang kanyang kapatid, Sa huli, sinabi niyang nananalig Siya si Jesus, ang Kristo, Anak ng Diyos. Gayahin natin si Marta sa kanyang pananalig sa Diyos sa gitna ng pighati.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, patatagin Niyo ang aming pananalig sa Inyo, kahit na sa gitna ng dalamhati.

**IKA-17 LINGGO
SA KARANIWANG PANAHO**
Salteryo: Linggo 1 / (Luntian/Puti)
San Pedro Crisologo

Salmo 146:1b-2, 3-4, 5-6ab
*Mapalad ang kinukupkop
ng Poong Diyos ni Jacob.*



Huwebes
30 HULYO

Unang Pagbasa: Jeremias 18:1-6

Ito ang salita ni Yawe na dumating kay Jeremias: "Pumunta ka sa bahay ng magpapalayok; doon mo maririnig ang aking mga salita." Kaya bumaba nga ako sa bahay ng magpapalayok at dinatnan ko siyang nagtatrabaho sa torno. Ngunit nasira ang ginagawa niyang palayok sa hawak niyang putik; kaya humubog siya ng ilang palayok ayon sa gusto niya.

At ipinahatid naman sa akin ni Yawe ang kanyang salita: "Bayan ng Israel, hindi ko ba magagawa sa inyo ang ginagawa ng magpapalayok na ito? Gaya ng putik sa kamay ng magpapalayok, gayon din kayo sa aking mga kamay.

Ebanghelyo: Mateo 13:47-53

Naihahambing din ang kaharian ng Langit sa isang malaking lambat na inihagis sa dagat at nakahuli ng kung anu-ano. Nang puno na ang lambat, hinila ito papunta sa pampang. At saka naupo ang mga tao at tinipon ang mabubuting isda sa mga timba at itinaon ang mga walang kuwenta. Ganito ang mangyayari sa katapusan ng mundo. Lalabas ang mga anghel para ihiwalay ang masasama sa mabubuti; at itatapon sila sa naglililyab na pugon kung saan may iyanan at pagngangalit ng mga ngipin."

At itinanong ni Jesus: "Nauunawaan ba ninyo ang lahat ng ito?" "Oo," ang sagot nila. Kaya sinabi niya sa kanila: "Kaya bawat guro ng Batas na tinuruan tungkol sa Kaharian ay katulad ng isang ama ng tahanan na may tabihan, at laging may bago at luma sa tuwing kukuha siya."

Nang matapos ni Jesus ang mga talinhagang ito, umalis siya sa lugar na iyon.

Pagmamaisid

Nakaranas ka na bang mangisda gamit ang lambat?

Paghahawi

Inihambing ni Jesus ang kaharian ng Langit sa isang malaking lambat na inihagis sa dagat na nakahuli ng iba't-ibang isda. Nang puno na ang lambat, hinila ito papunta sa pampang. Tinipon ng mga tao ang mabubuting isda sa mga timba, at itinaon ang mga walang kuwenta.

Pagtatabas

Kung ang kaharian ng Langit, isang malaking lambat, mapapasama ba ako sa tinitipon o sa itinatapon?

Pagsasaayos

Nahuhuli ng lambat ang iba't-ibang klase ng isda. Walang pinipili kapag hinila na ang lambat. Subalit sa araw ng paghuhukom, hinihiwalay ang mga tapat at nananalig kay Jesus sa mga hindi tumanggap o sumunod sa Kanyang mga utos at aral. Nawa makita sa ating mga salita at kilos ang ating pananampalataya. Sikaping gumawa lagi nang mabuti, upang makapasok sa kaharian ng Langit.

Pagdiriwang

Jesus, gawin Niyo kaming mabuti at tapat sa Inyong mga atas at aral, at nananalig sa Inyo nang lubos.



IKA-17 LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 1 / (Puti)

San Ignacio ng Loyola

Salmo 69:5, 8-10, 14

*Panginoon, iyong dinggin
akong iyong ginigiliw.*

Unang Pagbasa: Jeremias 26:1-9

Sa simula ng paghahari ni Yoakim na anak ni Yosias, na hari ng Juda, dumating kay Jeremias ang salita ni Yawe: Ito ang sinasabi ni Yawe: "Tumindig ka sa patyo ng Bahay ni Yawe at sabihin sa lahat ng dumarating mula sa mga bayan ng Juda para sumamba sa Bahay ni Yawe ang lahat ng ipinasasabi ko sa iyo: huwag bawasan ng kahit ano! Baka makinig sila sa iyo, at talikuran ng bawat isa ang masasama niyang gawi. At hindi ko na ipadadala ang parusang iniisip kong ipadama sa kanila dahil sa masama nilang mga gawa.

Sabihin mo sa kanila: Ito ang sinasabi ni Yawe: Hindi ninyo ako sinunod at hindi kayo namuhay ayon sa aking Batas na iniharap ko sa inyo. Hindi ninyo pinakinggan ang aking mga lingkod na mga propeta, na lagi kong isinusugo sa inyo. Kung magpupumilit kayo na di makinig sa kanila, itutulad ko ang Bahay kong ito sa santuwaryo sa Silo, at ang Jerusalem bilang halimbawa: makikita ng lahat ng bansa sa lupa na isinumpa ko ito." Narinig ng mga pari, mga propeta at ng lahat ng tao ang sinabi ni Jeremias sa Bahay ni Yawe. Pagkasabi ni Jeremias sa iniutos sa kanya ni Yawe, dinakip siya ng mga pari at mga propeta at sinabing:

"Mamamatay ka!" Paano ka nakapagsasalita sa Ngalan ni Yawe na wawasakin ang Bahay na ito gaya ng Silo, at iiwang guho ang lunsod na ito?" At pinaligiran ng lahat ng tao si Jeremias sa Bahay ni Yawe.

Ebanghelyo: Mateo 13:54-58

*P*umunta siya sa kanyang bayan at nagturo sa mga tao sa kanilang sinagoga. Namangha silang lahat at nagsabi: "Saan kaya galing ang kanyang karunungan at natatanging kapangyarihan? Di ba't siya ang anak ng karpintero? Di ba't si Maria ang kanyang ina at sina Jaime, Jose, Simon at Judas ang kanyang mga kapatid? Hindi ba't narito sa piling natin ang lahat niyang kapatid na babae? Ano't nangyari sa kanya ang lahat ng ito?" At bulag sila tungkol sa kanya.

Sinabi naman sa kanila ni Jesus: "Sa kanyang sariling bayan lamang at sambahayan hinahamak ang isang propeta." At kaunti lamang ang ginawa niyang himala roon sa-pagkat kulang sila sa pananampalataya.

SACERDOTAL ANNIVERSARY:

Rev. Fr. Rodrigo O. Vazquez | Rev. Fr. James D. Nitollama

Pagmamasid

Naniniwala ba sa iyo ang iyong pamilya kapag nagpahayag ka ng mabuting balita sa kanila?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus: "Sa kanyang sariling bayan lamang at sambahayan, hinahamak ang isang propeta." Kaunti lamang ang ginawa Niyang himala roon, sapagkat kulang sila sa pananampalataya.

Pagtatabas

Sa ating bansa, mas pinaniniwalaan ba ng tao ang banyagang nagsasalita kaysa kababayan niya?

Pagsasaayos

Sa karanasan ko, mas pinaniniwalaan ang banyagang galing sa mayaman na bansa. Ngunit kapag ang banyaga galing sa bansang kulang ang pagtitiwala natin, hindi gaanong pinagtitiwalaan ang sinasabi niya.

Mahirap din magpalaganap ng Mabuting Balita sa mga taong nakapiling natin mula nang bata tayo. Isang hamon ang paghimok sa pananampalataya ng kapamilya. Ngunit, huwag tayong mawalan ng loob, at humingi ng gabay ng Espiritu Santo.

Pagdiriwang

Banal na Espiritu, tulungan Niyo kaming makahimok ng kapamilya o kababayan na lumapit at kilalanin ang Diyos, gayundin ang maging bukas sa isip at puso sa kahalagahan nang sinasabi ng isang tao, sinuman siya.